



Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig

[Sexual Violence and Sexual Harassment](#)

[Violencia sexual y acoso sexual](#)

[性暴力與性騷擾](#)

Opisyal na may Pananagutan:	Tagapangasiwa ng Systemwide Title IX
Opisina na may Pananagutan:	Opisina ng Systemwide Title IX
Petsa ng Pag-isyu:	12/20/2021
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa:	01/01/2022
Petsa ng Huling Pagrepasso:	12/20/2021
Sakop:	Ang Polisiya ng Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig na ito ("Polisiya") ay para sa lahat ng mga empleyado ng Unibersidad gayundin sa mga undergraduate, graduate, at propesyonal na mga estudyante ("mga estudyante"), at mga ikatlong partido. Ang Polisiya ay para sa lahat ng campus ng Unibersidad, ang Lawrence Berkeley National Laboratory, Medical Centers, the Office of the President, Agriculture and Natural Resources, at sa lahat ng mga programa at aktibidad ng Unibersidad.

Para sa tulong na hindi kumpidensyal sa seksuwal na karahasan, seksuwal na panliligalig, at karahasan sa relasyon, at panunubok, tawagan ang Opisyal ng iyong Title IX. Para sa kumpidensyal na tulong, tawagan ang Tagapagtanggol ng CARE sa lugar mo. Makikita mo ang impormasyon sa mga resource sa lugar ninyo sa [Sexual Violence Prevention and Response](#) (<http://sexualviolence.universityofcalifornia.edu/get-help/index.html>). Ang mga opsyon mo sa magrereport sa mga ahensya sa labag ng Unibersidad ay nasa Seksyon IV.E.

Kung mayroon mang pagkaka-iba ang bersyong Ingles at Tagalog, ang bersyong [Ingles](#) ang mananaig.

Tawagan:	Suzanne Taylor
Titulo:	Tagapangasiwa ng Systemwide Title IX
Email:	suzanne.taylor@ucop.edu
Telepono:	(510) 987-9161

TALAN NG MGA NILALAMAN

I. BUOD NG POLISIYA	2
II. MGA KAHULUGAN	3
III. TEKSTONG POLISIYA	11
IV. PAGSUNOD/MGA PANANAGUTAN	14
V. MGA HAKBANG	16
VI. KAUGNAY NA IMPORMASYON	30
VII. MGA MADALAS ITINATANONG	32
VIII. TALA NG PAGREBISA	36
IX. MGA APENDIKS	38

I. BUOD NG POLISIYA

Ang University of California (“Unibersidad”) ay nakatuon sa pagpapanatiling dedikado ng komunidad sa pagsulong, aplikasyon at pagsasalin ng kaalaman at malikhaing pagsisikap sa pamamagitan ng akademikong kahusayan, kung saan ang lahat ng tao na nakikibahagi sa mga programa ng Unibersidad at mga aktibidad ay gumagana at sama-samang natututo sa kapaligiran na walang panliligalig, pananamantala, o pananakot.

Ang seksuwal na karahasan, seksuwal na panliligalig, paghihiganti, at ibang asal na labag sa Polisiyang ito ay nakakahadlang sa mga layuning iyon. Agad tutugon ang Unibersidad at epektibong iuulat ang nasabing asal. Kabilang dito ang aksyon upang ihinto, pigilan, iwasto, at kung kinakailangan ay disiplinahin ang pag-uugaling lumalabag sa Polisiyang ito.

Tinutugunan ng Polisiyang ito ang mga pananagutan at pamamaraan ng Unibersidad na nauugnay sa seksuwal na karahasan, seksuwal na panliligalig, paghihiganti, at iba pang labag sa batas na pag-uugali katulad ng mga terminong inilarawan sa Polisiyang ito (sama-samang, “Ipinagbabawal na Asal”) upang tiyakin ang katarungan at kabilang na edukasyon at kapaligiran ng pagtatrabaho. Ang Polisiya ay naglalarawan sa Labag sa Batas na Asal at ipinaliliwanag ang administratibong mga hakbang na ginagamit ng Unibersidad upang lutasin ang mga ulat ng Labag sa Batas na Asal.

Tala sa Pederal na mga Regulasyon: Inaatasan ng Titulo IX na mga regulasyon na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon (DOE, Department of Education) ng Estados Unidos na nagkabisang noong Agosto 14, 2020 ang Unibersidad na sumunod sa ispesipikong proseso ng pagdaing (“Proseso ng Pagdaing sa DOE”) bilang tugon sa asal na saklaw ng mga regulasyon (“Asal na Saklaw ng DOE”). Matatag na itinataguyod ng Unibersidad na baguhin ng DOE ang ilang mga bahagi ng Proseso ng Pagdaing sa DOE bago inilabas ng DOE ang mga regulasyon; Hindi ito ginagawa ng DOE. Gayunpaman, dahil ang pagsunod sa mga regulasyon ay isang kondisyon sa pederal na pagpopondo, binago ng Unibersidad ang mga polisiya nito upang ganap na ipatupad ang mga ito. Ang Polisiyang ito ay mas malawak kaysa sa mga regulasyon sa parehong labag sa batas na asal (inilarawan sa Seksyon II) at ang saklaw nito (inilarawan sa Seksyon III.B). Kaya gagamitin lamang ng Unibersidad ang Proseso ng Pagdaing sa DOE kung kinakailangan, bilang tugon sa Asal na Saklaw ng DOE. Susundan nito ang

kasalukuyang mga proseso para sa lahat ng iba pang mga ulat. Inilalarawan ng Apendiks IV kung paano tutukuyin ng Unibersidad kung dapat bang gamitin ang Proceso ng Pagdaing sa DOE.

II. MGA KAHULUGAN

A. Pahintulot

Ang pahintulot ay *positibo, batid, boluntaryo, at nababawi*. Ang pahintulot sa seksuwal na aktibidad ay nangangailangan ng positibo, batid, at boluntaryong kasunduan ng bawat tao upang magsagawa ng seksuwal na aktibidad.

Pananagutan ng bawat tao na tiyaking may positibo silang pahintulot sa iba upang magsagawa ng seksuwal na aktibidad. Ang kawalan ng pagprotesta, kawalan ng paglaban, o katahimikan ay hindi nagtatatag mag-isa ng pahintulot. Ang positibong pahintulot ay dapat nagpapatuloy at maaaring bawiin anumang oras sa oras ng seksuwal na aktibidad.

Ang pag-iral ng relasyon sa pakikipag-date o nakalipas na seksuwal na relasyon sa pagitan ng Nagrereklamo at Respondente ay hindi kailanman ipagpapalagay na hudyat ng pahintulot (ni hindi magiging karugtong na seksuwal na ugnayan o relasyon sa pagkikipag-date ay sapat na bilang ebidensya ng pahintulot bago ang pagsasagawa).

Ang paniniwala ng Respondente na pumayag ang Nagrereklamo ay hindi magbibigay ng balidong depensa maliban kung ang paniniwala ay aktuwal at makatwiran. Sa paggawa ng papasyang ito, isasaalang-alang ng tagapaghanap ng katotohanan ang lahat ng katotohanan at kalagayan na alam ng Respondente, o makatwirang dapat malaman sa oras na iyon. Lalo na, ang paniniwala ng Respondente ay hindi balidong depensa kung saan:

1. Ang paniniwala ng Respondente ay nagmula sa sariling kalasingan o pagiging marahas ng Respondente;
2. Ang Respondente ay hindi nagsagawa ng makatwirang mga hakbang, sa mga kalagayang batid ng Respondente sa oras na iyon, upang tiyakin kung positibong sumangayon ang Nagrereklamo; o
3. Alam ng Respondente o dapat malaman ng makatwirang tao na hindi nagawang magbigay ng pahintulot ng Nagrereklamo dahil ang Nagrereklamo ay walang kakayahan, dahil ang Nagrereklamo ay:
 - a. natutulog o walang malay;
 - b. hindi kayang unawain ang katotohanan, katangian, o lawak ng seksuwal na aktibidad dahil sa impluwensiya ng droga, alak, o gamot; o
 - c. hindi kayang makipag-usap dahil sa pag-iisip o pisikal na kondisyon.

Tandaan: Ang kawalan ng kakayahan ay kalagayan na higit sa kalasingan o pagkalango. Ang isang tao ay posible ngunit hindi tiyak kung walang kakayahan dahil lamang sa resulta ng pag-inom, paggamit ng droga, o pag-inom ng gamot.

B. Labag sa Batas Na Asal

1. Seksuwal na Karahasan:

- a. **Seksuwal na Pag-asulto - Pagpapasok ng bahagi ng katawan sa ari ng isang tao:** Walang pahintulot ng Nagrereklamo, pagpapasok ng bahagi ng katawan sa ari ng isang tao, gaano man kaliit, ang:
- ang bibig ng Nagrereklamo sa pamamagitan ng ari ng lalaki o ibang bahagi ng ari; o
 - ari ng Nagrereklamo o puwit ng anumang bahagi ng katawan o bagay.
- b. **Seksuwal na Pag-asulto - Kontak:** Walang pahintulot ng Nagrereklamo ang sinasadyang:
- paghipo sa maseselang bahagi ng katawan ng Nagrereklamo (ari, puwit, singit, suso o pigi);
 - pagpapahipo sa Nagrereklamo ng iba pa o sarili nila sa anumang maseselang bahagi ng katawan; o
 - paghipo ng Nagrereklamo sa maseselang bahagi ng katawan ng isang tao, ang maseselang bahagi ng katawan ay may damit man o wala.

Tandaan: Ang kahulugang ito ay sumasaklaw sa malawak na uri ng pagkilos, hindi lahat ay seksuwal na karahasan. Kaya, dapat kilalanin ng Opisyal ng Title IX kung ang paratang ay dapat iparatang bilang seksuwal na karahasan o seksuwal na panliligalig. (Tingnan ang FAQ #4 para sa higit na impormasyon.)

Pagkilos na natutugunan ang kahulugan ng *Seksuwal na Pag-asulto—Kontak at Seksuwal na Pag-asulto—Ang pagpapasok ng bahagi ng katawan sa ari ng isang tao* ay ipaparatang bilang *Seksuwal na Pag-asulto—Pagpapasok ng bahagi ng katawan sa ari ng isang tao*.

Tandaan: Ang *Seksuwal na Pag-asulto—Pagpapasok ng bahagi ng katawan sa ari ng isang tao* at *Seksuwal na Pag-asulto—Kontak* ay lumalala kapag kabilang ang alinman sa sumusunod:

- Pagdaig sa kagustuhan ng Nagrereklamo sa pamamagitan ng:
 - *pwera* (paggamit ng pisikal na pwera o pagdudulot ng malaking takot nang mabilis o pinsala sa katawan sa hinaharap);
 - *karahasan* (ang paggamit ng pisikal na pwera upang magdulot ng sakit o pinsala);
 - *banta* (isang pagbabanta, pahayag, o kilos na nagpapakita ng intensyong manakit);
 - *pamimilit* (direkta o di direktang pagbabanta ng pwera, karahasan, panganib, kahirapan, o pagganti na sapat na nagdudulot sa isang taong talagang karaniwang sensitibo, na isinasaalang-alang ang lahat ng kalagayan kabilang ang edad at relasyon (kabilang ang hindi balanseng kapangyarihan), upang gawin o sumailalim sa isang bagay

na hindi nila gagawin sa ibang paraan); o

- hayagang pagdudulot na maging walang kakayahan ang Nagrereklamo (halimbawa, sa pamamagitan ng droga o alak);
- Hayagang pagsasamantala sa kawalang kakayahan ng Nagrereklamo (kabilang ang kawalan ng kakayahan na dulot ng boluntaryong paggamit ng droga o alak);
- Pagrerekord, pagkuha ng larawan, pagpapadala, o pamamahagi ng pribado o seksuwal na mga larawan ng Nagrereklamo nang hindi pa nalalaman o walang pahintulot ng Nagrereklamo; o
- Pagsasagawa sa pag-uugali sa panahon o may kaugnayan sa isang klinikal na engkwentro (tulad ng tinukoy sa Apendiks V) kung saan ang Nagrereklamo ay isang pasyente at ang Respondente ay isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan

c. Karahasan sa Relasyon:

i. Ang Karahasan sa Relasyon ay:

- pisikal na karahasan sa Nagrereklamo o isang tao na may malapit na ugnayan sa Nagrereklamo (tulad ng kasalukuyan o dating asawa o kapareha, anak o ibang kamag-anak), o
- sinasadya o marahas na pisikal o di pisikal na kilos sa Nagrereklamo o sa isang tao na may malapit na ugnayan sa Nagrereklamo (tulad ng kasalukuyan o dating asawa o kapareha, anak o ibang kamag-anak) na magdudulot sa kalayaan ng Nagrereklamo ng takot sa pisikal na karahasan sa kanilang sarili o sa taong mayroon silang malapit na kaugnayan,

na iyon ay gawa ng isang tao o nagkaroon ng ugnayang pang mag-asawa, romantiko o pribado sa Nagrereklamo, o taong may anak sa Nagrereklamo, at iyon ay bahagi ng batayan ng mapang-abusong pag-uugali ng tao tungo sa Nagrereklamo.

ii. Ang pisikal na karahasan ay sinasadya o di sinasadyang pisikal na pagkilos o marahas na pagbabanta sa kalusugan o kaligtasan ng tumatanggap ng pag-uugali, kabilang ang pag-asulto.

iii. Ang mga batayan ng mapang-abusong pag-uugali ay maaaring naglalaman ng o kabilang ang di pisikal na mga taktika (tulad ng mga pagbabanta, pagbubukod, pagsira sa ari-arian, pag-abuso sa mga alagang hayop, pagkontrol sa pananalapi, pagpapakita ng mga sandata, paninira ng loob, o pagsasamantala sa di balanseng kapangyarihan).

iv. Ang katangian ng relasyon sa pagitan ng Nagrereklamo at Respondente ay tinutukoy sa pamamagitan ng haba at uri ng relasyon, at dalas ng interaksyon sa pagitan nila. Kabilang sa karahasan ng relasyon ang “karahasan sa pakikipag-date” at “karahasan sa tahanan.”

- v. Isinagawa ng partidong ipinagtatanggol ang sarili o iba pa ay Hindi Karahasan sa Relasyon sa ilalim ng Polisiyang ito. Kung alinman sa partido ay nagsalaysay na kumilos sila bilang depensa sa sarili o sa iba, gagamitin ng Opisyal ng Title IX ang lahat ng available, nauugnay na ebidensya upang suriin ang pagsasalaysay, kabilang ang pagiging makatarungan ng mga pandepensang aksyon at kung saan ang partido ay ang pangunahing sumasalakay.
- d. **Panunubok:** Ang paulit-ulit na kilos na nakadirekta sa Nagrereklamo (halimbawa, pagsunod, pagbabantay, pagtingin, pagmamatyag, pagbabanta, pakikipag-usap, panghihimasok sa property), na may seksuwal, romantiko o iba pang seksuwal na batayan na katangian o motibo, na magdudulot sa karaniwang tao ng takot sa kanilang kaligtasan, o kaligtasan ng iba, o makaranas ng malaking emosyonal na kabalisahan. Ang Panunubok na di seksuwal na batayan na katangian ay tinutugunan ng ibang mga polisiya ng Unibersidad kabilang ngunit hindi limitado lamang sa [Policy on Student Conduct and Discipline Section 102.10](#).
- e. **Seksuwal na Pananamantala:**
 - i. Ang Seksuwal na Pananamantala ay ang seksuwal na kalamangan ng ibang tao, kung saan ang pagsasagawa ay hindi kung hindi man tinutugunan sa Polisiyang ito, sa mga sumusunod na sirkumstansiya:
 - (a) Ang trafficking o pag-prostitute ng ibang tao nang walang pahintulot nila: Pag-uudyok sa Nagrereklamo na magsagawa ng komersyal na pakikipagtalik sa pamamagitan ng puwersa, pandaraya, o pamimilit, o kung saan ang Nagrereklamo ay wala pang 18 taong gulang;
 - (b) Sadyang paggawa ng materyal na maling representasyon tungkol sa impeksiyon na naililipat sa pakikipagtalik, pagkontrol sa panganganak, o prophylactic na katayuan na may partikular na layunin at epekto ng pag-udyok sa Nagrereklamo na lumahok sa isang partikular na sekswal na gawain o pakikipagtagpo;
 - (c) Pagbibigay ng alak o droga sa Nagrereklamo na may partikular na paglalayon at epekto ng pagpapadali sa Pinagbabawal na Asal; o
 - (d) Aktibong pagpapadali o pagtulong sa ibang atong gawin ang Pinagbabawal na Asal.
 - ii. Tulad ng ginamit sa nasa itaas na kahulugan ng Seksuwal na Panliligalig:
 - (a) Ang pamimilit ay ang pagtalo sa kagustuhan ng Nagrereklamo sa pamamagitan ng:
 - mapagkakatiwalaang mga banta ng malubhang pisikal o hindi pisikal na pinsala sa Nagrereklamo o ibang tao;
 - isang planong nilalayong ipaniwala sa Nagrereklamo na ang kabiguang isagawa ang pagkilos na magresulta sa malalang pisikal o hindi pisikal na pinsala sa Nagrereklamo o ibang tao; o

- ang pang-abuso o mapagkakatiwalaang banta ng legal o proseso ng polisiya ng Unibersidad.
- (b) Ang komersiyal na seksuwal na pagkilos ay anumang seksuwal na pagkilos para kung saan ang anumang may halaga ay binigay sa o tinatanggap ng sinumang tao.
- (c) Ang puwersa ay pisikal na asal na makatwirang nadadaig ang kagustuhan ng iba.
- (d) Ang panloloko ay ang sadyang panlilinlang na makatwirang nadadaig ang kagustuhan ng iba.

2. Seksuwal na Panliligalig:

- a. Ang Seksuwal na Panliligalig ay kapag:
 - i. Kabayaran o *Quid Pro Quo*: ang pagsailalim ng isang tao sa hindi karapat-dapat na seksuwal na pagkilos ay ipinahihwatig o tahasang isinagawa sa batayan ng mga desisyon sa trabaho, akademikong ebalwasyon, grado o promosyon, o ibang mga desisyon na nakakaapekto sa pakikibahagi sa programa ng Unibersidad o aktibidad; o
 - ii. *Hindi Kanais-nais na Kapaligiran*: hindi karapat-dapat na seksuwal o iba pang batay sa seksuwal na asal ay sapat na malubha, paulit-ulit o laganap na hindi makatwirang itinatangi, lubhang naglilimita, o pumipigil sa pakikibahagi ng isang tao o pakinabang mula sa edukasyon, pagtatrabaho, o ibang mga programa o mga aktibidad ng Unibersidad, at lumilikha ng kapaligiran na para sa karaniwang tao ay nakakatakot o nakakasakit.
- b. Kabilang sa seksuwal na asal ang seksuwal o romantikong mga kilos, kahilingan para sa seksuwal na mga pabor, at iba pang berbal, hindi berbal, o pisikal na asal na seksuwal ang katangian.
- c. Kabilang sa iba pang batay sa seksuwal na asal ang mga aktong berbal, hindi berbal, o pisikal na pag-atake, pananakot, o poot batay sa kasarian, kasariang pagkakakilanlan, kasariang pagpapahayag, pag-estereotipo ng seks o kasarian, o seksuwal na oryentasyon.
- d. Ang pagsaalang-alang ay ibinibigay sa kabuuan ng mga kalagayan kung saan ang pagkilos ay naganap.
- e. Ang polisiyang ito ay ipatutupad sa paraan na kumikilala sa kahalagahan ng karapatan sa kalayaan ng pananalita at eskpresyon at hindi ilalarawan upang magbawal sa pagpapahayag na kilos na pinoprotektahan ng malayang pananalita at akademikong mga simulain na tinalakay sa Seksyon III.F.

3. Iba Pang Labag sa Batas na Pag-uugali:

- a. Panghihimasok sa Seksuwal na Pagkapribado.
 - i. Panonood o pagpapahintulot sa iba na panoorin ang hubad o seksuwal na mga gawain sa isang lugar kung saan ang taong iyon ay mayroong

University of California – Polisiya ng SVSH
Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig

makatwirang inaasahan ng pagkapribado nang walang pahintulot ng isang tao;

- ii. Pagkuha o pagtatangkang kumuha ng mga litrato (kabilang ang mga video) o audio recording, o pagpapaskil, pagpapadala o pamamahagi ng nasabing nakarecord na materyal, na nagpapakita ng kahubaran o seksuwal na gawain ng taong iyon sa lugar kung saan ang taong iyon ay mayroong makatwirang inaasahan sa pagkapribado nang walang pahintulot ng isang tao;
 - iii. Paggamit ng mga larawan ng kahubaran o seksuwal na gawain upang mangikil ng isang bagay na may halaga mula sa isang tao; o
 - iv. Pagbabantang mag-post o magbahagi ng mga pagpapakita ng pagkahubad o seksuwal na aktibidad maliban kung ang tao ay nagsasagawa ng partikular na pagkilos.
- b. Seksuwal na pakikipagtalik sa isang tao na wala pang edad 18.
 - c. Pagpapakita ng ari sa pampublikong lugar para sa layunin ng seksuwal na kasiyahan.
 - d. Hindi pagsunod sa mga termino ng kautusan na walang kontak, pagsuspende gaano man kahaba, o anumang kautusan ng hindi pagiging kabilang na ibinigay sa ilalim ng Polisiyang ito.
 - e. Pagsasagawa ng Paghihiganti. Ang paghihiganti ay masamang pagkilos laban sa isang tao batay sa kanilang report o ibang pagbubunyag ng pinaghihinalaang Labag sa Batas na Pagkilos sa empleyado ng Unibersidad, o sa kanilang pakikibahagi, pagtangi na makibahagi, o pagtulong sa imbestigasyon, pagrereport, paglutas, o pandisiplinang proseso na inilaan para sa Polisiyang ito.

Ang masamang aksyon ay isang pagkilos na magpapahina ng loob ng karaniwang tao mulasa pagrereport ng Labag sa Batas na Pagkilos o pakikibahagi sa prosesong inilaan sa Polisiyang ito, tulad ng mga pagbabanta, pananakot, panliligalig, diskriminasyon at pamimilit. Ang mga aksyon na may mabuting intensyon na ligal na ipinagpatuloy bilang tugon sa pagrereport ng Labag sa Batas na Pagkilos (tulad ng pagtitipon ng ebidensya) ay hindi, nang walang higit pang, paghihiganti.

Unang Tala: Upang matukoy kung ang asal ay Asal na Saklaw ng DOE, ang opisyal ng Title IX ay gagawa ng pagtatasa at gagamitin ang mga kahulugan sa Apendiks IV. Ang mga kahulugan dito ay mas malawak kaysa at kasali lahat ng asal na kabilang sa Apendiks IV na mga kahulugan.

Pangalawang Tala: Kapag ang Pinagbabawal na Asal ay sinabing nagaganap sa konteksto ng pag-aalaga ng pasyente, ang Opisyal ng Title IX ay tutukoy sa Apendiks V at, kapag natukoy, ilapat ang mga kahulugan sa Apendiks na iyon.

C. Iba Pang Mga Kahulugan:

1. **Nagrereklamo:** Isang taong nagparatang na nakaranas ng Labag sa Batas na Pagkilos sa report ng Opisyal ng Title IX.
2. **Lihim na Mga Dulugan:** Ang sumusunod na mga empleyadong tumatanggap na impormasyon tungkol sa Labag sa Batas na Pagkilos sa kanilang kumpidensiyal na kakayahan:
 - a. CARE,
 - b. Ombuds,
 - c. Lisensyadong mga tagapayo sa mga sentro ng pagpapayo sa estudyante at mga programa ng tulong ng empleyado,
 - d. Sinumang tao na may propesyonal na lisensya na nangangailangan ng pagkakumpidensiyal (kabilang ang mga empleyado sa health center pero hindi kabilang ang mga legal na tagapayo ng campus), o isang tao na nangangasiwa sa taong iyon; at
 - e. Mga pastoral na tagapagpayo (mga taong kaugnay ng pangrelihiyong order o denominasyon, na kinikilala ng pangrelihiyong kautusang iyon o denominasyon bilang taong nagbibigay ng kumpidensiyal na pagpapayo).

Ang paghirang bilang “Lihim na Dulugan” sa ilalim ng Polisiyang ito ay nagpapalaya lamang sa isang tao na magreport sa Opisyal ng Title IX. Hindi iyon makakaapekto sa ibang ipinag-uutos na mga tungkulin ng pagrereport sa ilalim ng *UC CANRA (Child Abuse and Neglect Reporting Act) Policy*, Ang Batas ng Clery bilang Campus Security Authority (CSA), at iba pang mga polisiya o mga batas na nangangailangan ng pagrereport sa campus o pagpapatupad ng lokal na batas, o Mga Serbisyonag Nagpoprotekta sa Bata.

3. Sumusuporta at Panlunas na mga Hakbang.

- a. Kabilang sa Sumusuportang mga Hakbang ang parehong Pansamantalang mga Hakbang at Nagpapagaan na mga Hakbang. Ibinibigay ng Unibersidad ang Sumusuportang mga Hakbang kung naaangkop at makatuwirang magagamit, nang libre at walang singil.
 - i. Mga Hakbang na Pansamantala: Ang mga serbisyo, akomodasyon, o ibang mga hakbang na itinatalaga pansamantala pagkatapos matanggap ng Opisyal ng Title IX ang report ng Labag sa Batas na Pagkilos upang tulungan o protektahan ang Nagrereklamo, Respondente, o komunidad ng Unibersidad; ibalik o panatilihin ang akses ng partido sa programa o aktibidad ng Unibersidad; o pigilan ang Labag sa Batas na Asal. Ang mga hakbang na pansamantala ay:
 - mananatiling nakatalaga hanggang sa panghuling resulta ng Proseso ng Resolusyon (tingnan ang Seksyon V.A.5) o kasunod na pandisiplinang o apelang proseso;
 - palitan o tapusin depende sa nagpapatuloy na pangangailangan ng mga partido, tulad ng sinuri ng Opisyal ng Title; o

University of California – Polisiya ng SVSH
Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig

- maging permanente bilang bahagi ng resolusyon ng report.
- ii. Nagpapagaan na mga Hakbang: Mga serbisyo, kaluwagan o ibang mga hakbang para sa Nagrereklamo na wala sa Proseso ng Resolusyon (tingnan ang Seksyon V.A.5), kabilang ang Nagrereklamo na dating nasa Proseso ng Resolusyon na hindi nagresulta sa pagtuklas ng paglabag ng polisiya. Ang nagpapagaan na mga hakbang ay maaaring ipatupad upang magbigay ng suporta, ibalik o panatilihin ang akses sa programa o aktibidad ng Unibersidad, o pigilan ang Labag sa Batas na Asal.
- b. Panlutas na mga Hakbang: Mga serbisyo, akomodasyon, o ibang mga pamamaraan na itinakda bilang resulta ng kumpletong Proseso ng Resolusyon (tingnan ang Seksyon V.A.5).

Ang mga halimbawa ng mga serbisyo, akomodasyon, at ibang mga hakbang ay nasa Apendiks III. Kokunsultahin ng Opisyal ng Title IX ang Nagrereklamo at, kung naaangkop, ang Respondente, upang tukuyin ang angkop na mga serbisyo, akomodasyon at ibang mga hakbang.

Sa mga bagay na nagsasangkot ng Asal na Saklaw ng DOE, titiyakin ng Opisyal ng Title IX na ang Sumusuportang mga Hakbang ay hindi nagdidisiplina at hindi nagpaparusa, at ang mga ito ay makatuwirang pasanin ng partido.

Ang mga campus ay maaaring gumawa ng iba pang mga hakbang ayon sa ibang mga polisiya ng Unibersidad.

4. **Lokasyon:** Ang “Lokasyon” ay alinmang campus ng Unibersidad, the Lawrence Berkeley National Laboratory, Medical Centers, the Office of the President, at ang Agriculture and Natural Resources.
5. **Paghahanda ng Ebidensya:** Ang pamantayan ng patunay na kinakailangan na ang katotohanan ay makita kapag ang pangyayari ay posibleng hindi nangyari batay sa ebidensya.
6. **Respondente:** Ang taong pinaratangan na nagsagawa ng Labag sa Batas na Pagkilos sa ulat ng Opisyal ng Title IX.
7. **Responsableng Empleyado:** Sinumang empleyado ng Unibersidad na hindi Lihim na Dulugan. Kung napag-alaman ng Responsableng Empleyado sa panahon ng pagtatrabaho na ang estudyanteng iyon ay maaaring nakaranas ng Labag sa Batas na Pagkilos o ang Labag sa Batas na Pagkilos na iyon ay maaaring naganap sa konteksto ng pag-aalaga sa pasyente, dapat nilang ipagbigay-alam agad iyon sa Opisyal ng Title IX o nakatalaga. Kabilang dito ang mga resident assistant, graduate teaching assistant, at lahat ng iba pang estudyanteng empleyado, kapag ang pagbubunyag ay isinagawa nila ayon sa kanilang mga kakayahan bilang mga empleyado.

Bilang karagdagan, kung sinuman sa sumusunod na mga tao ang nakaalam habang nagtatrabaho sila na may iba pang taong kaanib ng Unibersidad na maaaring nakaranas ng Labag sa Batas na Pagkilos, dapat nilang ipagbigay-alam agad iyon sa Opisyal ng Title IX o nakatalaga.

- Pulis ng Campus
- Mga Tagapangasiwa ng Human Resources, Mga Tagapangasiwa ng Akademikong Tauhan, at Mga Propesyonal ng Title IX
- Mga Tagapamahala at Superbisor kabilang ang mga Dean, Pangulo ng Departamento, At Mga Direktor ng Organisadong Yunit ng Pananaliksik
- Mga guro

Sa kabila ng binanggit sa itaas, hindi kailangang ireport ng mga Responsableng Empleyado ang posibleng Labag sa Batas na Pagkilos na nalaman nila habang dumadalo sa event ng pampublikong kamalayan, tulad ng “Take Back the Night” (tingnan ang FAQ #9), o ibinunyag ng isang tao habang nakikilahok sa mga pananaliksik sa paksang ukol sa tao na inaprubahan ng Institutional Review Board (IRB) o sertipikado bilang hindi kasama sa pagrepaso ng IRB (tingnan ang FAQ #10).

III. TEKSTONG POLISIYA

A. Pangkalahatan

Nakatuon ang Unibersidad sa pagpapanatili ng komunidad na walang seksuwal na panliligalig, seksuwal na karahasan, paghihiganti, at ibang pagkilos na labag sa polisiyang ito (sama-samang, “Labag sa Batas na Pagkilos”). Ang Labag sa Batas na Pagkilos ay lumalabag sa Polisiyang ito at maaaring lumabag sa batas. Sinumang tao ay maaaring magreport ng pagkilos na maaaring Labag sa Batas na Pagkilos. Ang Unibersidad ay agad tutugon nang mabilis at makatarungan sa nasabing mga report. Kabilang dito ang angkop na aksyon upang ihinto, pigilan, at lutasin ang Labag sa Batas na Pagkilos at, kung kinakailangan ay disiplinahin ang Respondente.

Ang Diskriminasyon batay sa sekso (kabilang ang kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, eskpresyon ng kasarian, sekso- o stereotype ng kasarian, o seksuwal na oryentasyon) ay lumalabag sa batas at ibang mga polisiya ng Unibersidad kahit na hindi iyon Labag sa Batas na Pagkilos. Ang Unibersidad ay agad tutugon nang mabilis at makatarungan upang ireport ang nasabing pagkilos. Ang nasabing pagkilos ay maaaring mag-ambag sa paglikha ng hindi kanais-nais na trabaho o akademikong kapaligiran batay sa sekso. Kaya, kapag tinutukoy kung ang Nagrereklamo ay nakaranas ng hindi kanais-nais na kapaligiran tulad ng tinukoy sa Polisiyang ito, isasaalang-alang ng Opisyal ng Title IX ang ibang mga diskriminasyong batay sa kasarian kasama ang mga insidente ng seksuwal na panliligalig.

B. Saklaw ng Polisiya

Saklaw ng Polisiyang ito ang mga aksyon ng Labag sa Batas na Pagkilos na isinagawa ng mga estudyante (ayon sa kahulugan sa Seksyon 14.00 ng Mga Patakaran na Mailalapat sa Mga Aktibidad sa Kampus, Mga Organisasyon, at Mga Mag-aaral, at kasama ang mga aplikante na naging mga mag-aaral at dating mag-

University of California – Polisiya ng SVSH
Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig

aaral, ayon sa nakalarawan sa Seksyon 101.00 ng Polisiya sa Asal at Disiplina ng Mag-aaral), empleyado at ibang partido ng Unibersidad (tulad ng mga Rehente, contractor, vendor, bisita, panauhin, pasyente at boluntaryo), at mga aksyon ng Labag sa Batas na Pagkilos na isinagawa laban sa mga estudyante, empleyado at ikatlong partido, kapag ang aksyon ay naganap sa:

1. lugar ng Unibersidad;
2. may kinalaman sa pagtatrabaho sa Unibersidad o sa konteksto ng pagtatrabaho sa Unibersidad o programa o aktibidad (kabilang, halimbawa ang pag-aaral sa ibang bansa na inisponsoran ng Unibersidad, pananaliksik, mga online na kurso, serbisyong pangkalusugan, o programang intership); o
3. sa labas ng property ng Unibersidad at wala sa konteksto ng pagtatrabaho sa Unibersidad o programa o aktibidad, ngunit may patuloy na masamang epekto sa— o lumilikha ng hindi kanais-nais na kapaligiran para sa mga estudyante, empleyado o ikatlong partido habang nasa—property ng Unibersidad o sa alinmang programa ng Unibersidad o aktibidad.

Alinsunod sa Seksyon 101.00 ng Polisiya sa Asal ng Estudyante at Disiplina, kung at tulad ng tinukoy sa pagpapatupad ng mga regulasyon ng campus, maaaring sakupin ng Polisiyang ito ang karagdagang Labag sa Batas na Pagkilos ng mga estudyante na naganap sa labas ng campus.

Hindi lahat ng report ng Labag sa Batas na Pagkilos ay magiging resulta sa Proseso ng Resolusyon na inilarawan sa Seksyon V.A.5, kung ito ay saklaw ng Polisiyang ito. Sa halip, isasara ng Opisyal ng Title IX ang ilan sa mga report pagkatapos gumawa ng paunang pagsusuri (tingnan ang Seksyon V.A.4).

C. Pagkilos na Lumalabag sa Polisiyang ito

Ang Polisiyang ito ay nagbabawal sa seksuwal na karahasan, seksuwal na panliligalig, paghihiganti at ibang labag sa batas na pag-uugali na tinukoy sa Seksyon II at Apendiks V. Ang mga insidente na lumalabag sa Polisiyang ito ay maaaring maganap sa pagitan ng:

- sinumang miyembro ng komunidad ng Unibersidad, kabilang ang guro at ibang mga akademikong itinalaga, tauhan, mga empleyadong estudyante, estudyante, coach, doktor, residente, intern, at ikatlong partido;
- mga taong nasa hierarchical relationship at mga kasamahan;
- mga tao anuman ang kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o seksuwal na oryentasyon; at
- mga dayuhan at hindi dayuhan.

Maaaring magsagawa ang mga tao ng Labag sa Batas na Pagkilos nang personal o sa pamamagitan ng ibang mga paraan. Kabilang dito ang electronic media, tulad ng internet, social network, cellphone, text, at ibang mga device o anyo ng contact.

D. May Pahintulot na Relasyon

Habang ang romantiko at seksuwal na relasyon sa pagitan ng mga miyembro ng

komunidad ng Unibersidad ay maaaring magsimula bilang may pahintulot, ang Labag sa Batas na Pagkilos ay maaaring maganap sa loob ng nabanggit na relasyon. Kaya, ang ituturing ng Unibersidad ang report ng Labag sa Batas na Pagkilos na naganap sa konteksto ng may pahintulot na seksuwal na relasyon katulad ng anumang iba pang report.

Ang may pahintulot na romantiko at seksuwal na relasyon sa pagitan ng mga miyembro ng komunidad ng Unibersidad ay maaaring lumikha ng salungatan ng interes. Kaya, ang nasabing relasyon sa pagitan ng isang estudyante at guro o ibang empleyado, o sa pagitan ng mga empleyado ay sakop din ng ibang mga polisiya ng Unibersidad, tulad ng [The Faculty Code of Conduct](#), APM-015.II.A.6 at 7 at lokal na mga polisiya.

E. Proteksyon ng mga Nagrereklamo, Respondente, at Testigo

- 1. Amnestiya:** Para hikayatin ang pagrereport, hindi didisiplinahin ng Unibersidad ang mga Nagrereklamo o testigo para sa mga paglabag sa polisiya ng asal ng estudyante na naganap sa panahon ng ipinaparatang na Labag sa Batas na Pagkilos maliban kung natukoy ng Unibersidad na ang paglabag ay malubha. Kabilang sa mga halimbawa ng malubhang paglabag ang pagkilos na nagsapanganib sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao, o sangkot ang panggagaya, pangongopya, o akademikong pagsisinungaling.

Maaaring karaniwang natatakot na magreport ang mga Nagrereklamo ng Labag sa Batas na Pagkilos kapag sangkot ang alak, droga, o ibang mga nakalalasing (halimbawa, kapag may menor de edad na umiinom). Ang probisyon ng amnestiyang ito ay ginagamit sa mga paglabag ng mga estudyante may kaugnayan sa alak- at droga.

- 2. Paghihiganti:** Ang Unibersidad ay nagbabawal sa Paghihiganti laban sa isang tao dahil sa pagrereport ng posibleng Labag sa Batas na Asal o pakikibahagi o hindi pakikibahagi sa proseso sa ilalim ng Polisiyang ito. (Tingnan ang Seksyon II.B.3.e)
- 3. Pagkapribado at Pagkakumpidensyal:** Dapat balansehin ng Unibersidad ang interes sa pagkapribado ng mga taong sangkot sa pagrereport ng Labag sa Batas na Pagkilos laban sa pangangailangang mangalap ng impormasyon, tiyakin ang patas na proseso, at ihinto, iwasan, at lutasin ang Labag sa Batas na Pagkilos. Sa kontesktong ito, sinusubukan ng Unibersidad na protektahan ang pagkapribado ng mga tao hanggang sa abot ng pinahihintulutan ng batas at mga polisiya ng Unibersidad. Sa kabilang banda, pinanatiling kumpidensyal ang mga pagkakakilanlan ng mga partido, testigo at ang mga nag-uulat ng Labag sa Batas na Asal, maliban kung kinakailangan ng batas o pinahihintulutan ng FERPA, at pinoprotektahan ang pagkapribado ng personal na natutukoy na impormasyon ayon sa lahat ng naaangkop na estado at pederal na mga batas sa pagkapribado, at mga polisiya ng Unibersidad.

F. Malayang Pagsasalita at Akademikong Kalayaan

Ang guro at iba pang akademikong itinalaga, tauhan, at estudyante ng Unibersidad ay nasisiyahan sa malaking kalayaan sa malayang pagsasalita na proteksyong

ginagarantiya ng Unang Pag-amyenda ng Konstitusyon ng Estados Unidos at Artikulo I, Seksyon 2 ng Konstitusyon ng California. Ang polisiyang ito ay naglalayong protektahan ang mga miyembro ng komunidad mula sa diskriminasyon, hindi upang magpatupad ng protektadong pananalita. Ang Polisiyang ito ay ipatutupad sa paraan na kumikilala sa kahalagahan ng karapatan sa kalayaan ng pagsasalita at ekspresyon.

Ang Unibersidad ay mayroon ding nakapanghihimok na interes sa malayang pagtatanong at sama-samang paghananap ng kaalaman at dahil dito ay kinikilala ang mga simulain ng akademikong kalayaan bilang espesyal na lugar ng protektadong pagsasalita. Alinsunod sa mga simulaing ito, walang probisyon ng Polisiyang ito ang ilalarawan upang magbawal ng kilos na lihitimong nauugnay sa nilalaman ng kurso, paraan ng pagtuturo, scholarship, o publikong komentaryo ng indibidwal na guro o panitikang pagpapahayag ng mga estudyante sa mga silid-aralan at mga pampublikong forum (Tingnan ang APM-010, 011 at 015.)

Gayunpaman, ang kalayaan sa pananalita at akademikong kalayaan ay hindi limitado at hindi nagpoprotekta sa pananalita o pagpapahayag na kilos na lumalabag sa mga batas pederal o laban sa diskriminasyon ng Estado.

G. Lihim na mga Dulugan

Ang mga taong nakaranas ng Labag sa Batas na Pagkilos ay maaaring makipag-usap sa Lihim na Dulugan (tingnan ang Seksyon II.C.2). Ang mga Labag sa Batas na Pagkilos ay walang Pananagutan sa mga Empleyado at hindi kailangang magreport ng impormasyong natanggap nila habang isinasagawa ang kanilang lihim na kakayahan sa Opisyal ng Title IX. Ang pagbubunyag sa mga Lihim na Dulugan habang ginagampanan nila ang kanilang lihim na kakayahan ay hindi “mga report” sa ilalim ng Polisiyang ito at hindi mag-isang magdudulot ng anumang uri ng pormal na aksyon ng Unibersidad. Aabisuhan din ng Mga Kumpidensiyal na Dulugan ang taong nagsisiwalat ng nakakaranas na posibleng Pinagbabawal na Asal ng karapatan ng nagsiwalang na direktang mag-ulat sa Opisyal ng Title IX at paano gawin ito.

IV. PAGESUNOD/MGA PANANAGUTAN

A. Pagpapatupad ng Polisiya

Ang Mga Executive Officer (Ang Pangulo ng Unibersidad, Kanselor, Lawrence Berkeley National Laboratory Director, Pangalawang Pangulo ng Agriculture and Natural Resources o Ehekutibong Bise Presidente ng UC Health) ay maaaring bumuo ng pantulong na impormasyon upang suportahan ang implementasyon ng Polisiyang ito. Patuloy na ipaliliwanag ng Direktor ng Title IX sa buong Sistema ang Polisiyang ito at sa paraan na hindi malawakang nagbabago ng Polisiya.

Ang Executive Officer sa bawat lokasyon ay dapat magtatag at magpatupad ng lokal na mga hakbang alinsunod sa Polisiyang ito. Ang mga hindi pagbibilang sa mga lokal na hakbang na hiniling ng Polisiya ay dapat pinahintulutan ng Executive Officer o desinyador.

B. Mga Pagbabago ng Polisiya

Pinahintulutan itong Polisiya ng Presidente at ang alinmang pagbabago. Maaaring irekomenda ng Direktor ng Title IX sa buong Sistema ang mga pagbabago sa Polisiya upang tumugma sa mga awtoridad ng pahintulot at naaangkop na mga Batas, Mga Kautusan, at Polisiya ng Rehente. Dapat tiyakin ng Direktor ng Title IX sa buong Sistema na ang Polisiya ay palagiang nirerepaso at binabago sa paraang alinsunod sa ibang mga polisiya ng Unibersidad.

C. Pahintulot ng mga Aksyon

Ang mga aksyon sa loob ng Polisiya ay dapat pinahintulutan alinsunod sa mga lokal na mga pamamaraan.

D. Pagsunod sa mga Polisiya

Ang mga Executive Officer sa bawat lugar ay magtatalaga ng opisina ng lokal na pangasiwaan na may pananagutan sa pagmamatyag, pagpapatupad, at pagrereport ng mga pagsunod sa polisiya. Ang Nakatataas na Pangalawang Pangulo – Ang Chief Compliance at Opisyal ng Audit ay mag-a-audit taun-taon at magbabantay sa pagsunod sa Polisiya.

E. Karagdagang Impormasyon ng Pagpapatupad

Ang U.S. Equal Employment Opportunity Commission ([EEOC](#)) at ang California Department of Fair Employment and Housing ([DFEH](#)) ay nagsisiyasat sa mga report ng hindi makatarungang panliligalig, kabilang ang seksuwal na karahasan, sa pagtatrabaho. Ang U.S. Department of Education Office for Civil Rights (DOE-[OCR](#)) ay nagsisiyasat sa mga reklamo ng seksuwal na panliligalig, kabilang ang seksuwal na karahasan ng mga estudyante at empleyado sa mga programa o aktibidad ng Unibersidad. Ang U.S. Department of Health & Human Services Office for Civil Rights (HHS-OCR) ay nag-iimbestiga sa mga reklamo ng seksuwal na panliligalig, kabilang ang seksuwal na karahasan, na nagaganap sa konteksto ng klinikal, kalusugan, pananaliksik, edukasyon at mga programa sa pagtatrabaho. Ang mga ahensyang ito ay maaaring magsilbing tagapaghanap ng katotohanan at subukang pagaanin ng boluntaryong resolusyon ng mga pagtatalo. Para sa higit na impormasyon, tawagan ang pinakamalapit na opisina ng EEOC, DFEH or DOE-OCR o HHS-OCR.

F. Hindi Pagsunod sa Polisiya

Ang mga resulta ng pagsasagawa ng Labag sa Batas na Pagkilos ay pinamumunuan ng [Policy on Student Conduct and Discipline](#); Ang Polisiya ng Tauhan para sa mga Kawani [62](#), [63](#), & [64](#) ay tumutukoy sa disiplina at mga bagay ng paghihiwalay; [The Faculty Code of Conduct \(APM - 015\)](#) at [University Policy on Faculty Conduct and the Administration of Discipline \(APM - 016\)](#); [Non-Senate Academic Appointees/Corrective Action and Dismissal \(APM-150\)](#); sama-samang kasunduan sa pagkakaunawaanmga polisiya na namamahala sa kakayajan at pag-uugali ng mga pangkalusugang propesyonal at mga sinasanay; at ibang mga polisiya at pamamaraan. Tingnan ang Seksyon VI at mga Apendiks I & II. Ang iba pang hindi pagtupad sa Polisiyang ito ay maaaring magresulta sa mga pagsisikap sa

edukasyon, mga pagsisikap sa trabaho, o pang-edukasyong pagsisikap at kabilang ang di pormal na pagpapayo, pagsusuri sa masamang performance, mga aksyon ng pagwawasto, at terminasyon.

V. MGA HAKBANG

A. Mga Hakbang ng Pagrereport at Pagtugon sa Mga Report ng Labag sa Batas na Pagkilos

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng pananaw ng mga hakbang na ginagamit ng Unibersidad upang tugunan ang mga report ng Labag sa Batas na Pagkilos. Habang ang Opisyal ng Title IX ay may pananagutan para sa pangangasiwa ng pagrereport at proseso ng tugon, ang ibang mga opisina at bawat lokasyon ay magiging sangkot at isasangguni kung kinakailangan. Ang espesipikong mga hakbang ng pagsisiyasat at paglutas ng mga reklamo ng Labag sa Batas na Asal ay depende sa pagkakakilanlan at ugnayan sa Unibersidad ng Respondente. Ang Nagrereklamo at Respondente ay tumutukoy minsan nang magkasama sa seksyong ito bilang “ang mga partido.”

- Kung saan ang mga Respondente ay isang estudyante, ang mga pamamaraan ay nasa [Appendix E: Sexual Violence and Sexual Harassment Student Investigation and Adjudication Framework](#) ng mga Polisiyang Inilalapat sa mga Aktibidad ng Campus, Organisasyon, at Estudyante, at mga hakbang na pinatutupad sa lugar, maliban kung ang asal ay Asal na Saklaw ng DOE, ang mga pamamaraan ay nasa [Pansamantalang Apendiks F: Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE](#).
- Kung saan ang Respondente ay isang guro, ang mga hakbang ay nasa [Sexual Violence and Sexual Harassment Investigation and Adjudication Framework for Senate and Non-Senate Faculty](#), at mga hakbang na pinatutupad sa lugar.
- Kung saan ang Respondente ay isang kawani o empleyado na hindi guro sa akademiko kabilang ang post-MD na residente, ang mga hakbang ay nasa [Sexual Violence and Sexual Harassment Investigation and Adjudication Framework for Staff and Non-Faculty Academic Personnel](#), at mga hakbang na pinatutupad sa lugar.
- Kung ang Respondente ay isang manggagamot o iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na may kredensyal at pribilehiyo ng mga medikal na kawani ng ospital, o isang mag-aaral, residente o kasamahan sa programa ng pagsasanay sa kalusugang propesyonal, kung gayon bilang karagdagan sa mga balangkas sa itaas ay maaari silang sumailalim sa imbestigasyon at paghatol ng propesyonal na maling pag-uugali sa ilalim ng iba pang mga patakaran at patakaran (halimbawa, mga tuntunin ng medikal na kawani at mga patakarang nakabatay sa paaralan), na posibleng magresulta sa pagwawasto o pagwawakas.

University of California – Polisiya ng SVSH
Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig

- Kung saan ang Respondente ay isang Rehente, ang mga pamamaraan ay nasa *Polisiya sa Rehente 1112: Polisiya sa Pagrepaso ng mga Alegasyon ng Maling Asal ng Miyembro ng Lupon*.
- Kung may tanong tungkol sa pangunahing tungkulin ng Respondente, tutukuyin ng Opisyal ng Title IX kung alin sa hakbang ang naaangkop batay sa mga kalagayan (tulad ng alin sa tungkulin ang nangingibabaw sa konteksto ng Labag sa Batas na Asal). Kung saan ang Respondente ay parehong estudyante at empleyado, gagamitin ng Unibersidad ang isang pamamaraan lamang upang tukuyin ang responsibilidad, ngunit ang Respondente ay maaaring sumailalim sa disiplinang naaangkop sa mga parehong estudyante at mga empleyado.
- Kung saan ang Respondente ay ikatlong partido, tutukuyin ng Opisyal ng Title IX ang angkop na paraan ng resolusyon alinsunod sa pangako ng Unibersidad sa agaran at makatarungang proseso at naaangkop na batas, pederal na gabay, at Polisiyang ito, na maaaring Ibang Pagtatanong ayon sa Seksyon V.A.5.d. Ang kakayahan ng Unibersidad na magsagawa ng tumutugong aksyon ay depende sa relasyon at antas ng kontrol sa ikatlong partido, kung mayroon.
- Kung walang nakikilalang indibidwal na Respondente (tulad ng, ang Nagrereklamo ay nagpapatang ng Labag sa Batas na Pagkilos ng organisasyon o Respondente na hindi nakikilala, o isinagawa ng maraming tao na tumaas lamang sa antas ng Labag sa Batas na Pagkilos kapag pinagsama-sama lamang), ang Opisyal ng Title IX ay maaaring tumugon sa pamamagitan ng Ibang Pagtatanong alinsunod sa Seksyon V.A.5.d.

1. Pagrereport

Sinumang tao ay maaaring magreport ng Labag sa Batas na Pagkilos, kabilang ang hindi nakikilala. Maaari nilang ireport sa Opisyal ng Title IX sa sinumang Responsableng Empleyado, o iba pang angkop na opisina tulad ng Academic Personnel Office, Student Affairs, Office of the Provost, o Opisina ng Human Resources. Dapat itong ipasa ng tao o opisinang tumanggap ng report sa Opisyal ng Title IX. Kung ang taong karaniwang tumanggap ng report ay ang Respondente, ang report ay dapat ibigay sa isa pang Responsableng Empleyado o opisina. Sa oras na matanggap ang report ng Labag sa Batas na Pagkilos mula sa Responsableng Empleyado, susubukan ng Opisina ng Title IX na kontakin ang Nagrereklamo, kung nakikilala, upang abisuhan sila ng kanilang mga karapatan, opsyon, at dulugan.

2. Mga Timeline sa Paggawa ng mga Report

Walang limit ng oras para sa pagrereport, at dapat ireport ng mga tao ang mga insidente kahit na matagal na panahon na ang nakalipas. Gayunman, kung mas mabilis matatanggap ng Unibersidad ang report, mas matutugunan, maiimbestigahan, malulutas, at maipatutupad ang disiplina nang tama.

3. Paunang Pagsusuri ng Report /Agarang Kalusugan at Kaligtasan

Hangga't maisasagawa pagkatapos matanggap ang report, ang Opisyal ng Title IX ay gagawa ng inisyal na pagsusuri, kabilang ang limitadong pagtatanong sa

katotohanan kung naaangkop upang matukoy kung paano magpatuloy.

Ang Opisyal ng Titulo IX ay unang tatasahin ang ulat upang tukuyin kung ang diumano'y asal ay Asal na Saklaw ng DOE at, kung gayon, kung sisimulan ang Proseso ng Pagdaing sa DOE o Alternatibong Resolusyon. Ang yugtong ito ng pagtatasa ay inilalarawan sa Apendiks IV.

Kung ang diumano'y asal ay hindi Asal na Saklaw ng DOE, samakatuwid ay tutukuyon sa susunod ng Opisyal ng Tile IX:

- kung ang report sa harap nito ay nagpapatang ng aksyon ng Labag sa Batas na Pagkilos tulad ng inilarawan sa Seksyon II at Apendiks V; at
- kung oo, kung ang Labag sa Batas na Pagkilos ay sakop ng Polisiyang ito, tulad ng inilarawan sa Seksyon III.B.

Maaaring ikonsulta ng Opisyal ng Title IX ang ibang mga opisina kung kinakailangan. Maaaring kabilang dito ang mga Opisina ng Academic Personnel para sa mga reklamong sangkot ang guro at ibang mga akademikong itinalaga, mga Opisina ng Student Affair para sa mga reklamong sangkot ang estudyante, Human Resources o Opisina ng Employee and Labor Relations para sa mga reklamong sangkot ang tauhan, at mga pangkalusugang propesyonal para sa mga reklamong nagmumula sa klinikal na enkuwentro.

Ang Opisyal ng Title IX, sa pakikipagtulungan ng Case Management Team (tingnan ang Seksyon V.B.5.), at sa pagkonsulta sa mga Nagrereklamo kung maaari, ay:

- gumawa ng agarang pagsusuri sa kalusugan at kaligtasan ng Nagrereklamo at komunidad ng campus,
- tutukuyin at pangangasiwaan ang Sumusuportang mga Hakbang na agad ay kinakailangan (kabilang ang hindi pagkontak sa iba, gamit ang mga parametrong inilarawan sa Apendiks III), at
- makiugnay sa Nagrereklamo ayon sa template na ibinigay ng Systemwide Title IX na Opisina na kasama, halimbawa, ang isang paliwanag ng mga karapatan at opsyon ng pagrereport (kabilang ang karapatang magpreport sa pulis), isang kahilingan sa Opisyal ng Title IX, at available na campus at dulugan ng komunidad.

Tingnan din ang Apendiks III at mga Responsibilidad ng Lokasyon sa Seksyon V.B.11. Aabisuhan din ng Opisyal ng Title IX ang Nagrereklamo ng saklaw ng mga posibleng resulta ng report, kabilang ang Sumusuporta at Panlunas na mga hakbang at mga pandisiplinang aksyon, mga hakbang na nagdudulot ng nasabing mga resulta, at kanilang karapatan na gumawa ng Pormal na Reklamo sa DOE.

4. Pagtatapos Pagkatapos ng Inisyal ng Pagsusuri

Hindi lahat ng report ng natatangap ng Opisyal ng Title IX ay mga report ng Labag sa Batas na Pagkilos na maaaring solusyunan sa pamamagitan ng

University of California – Polisiya ng SVSH
Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig

Proseso ng Resolusyon na inilarawan sa ibaba. Kabilang dito ang mga report kung saan tinutukoy ng Opisyal ng Title IX na:

- kahit totoo, ang ipinaratang na aksyon ay hindi Labag sa Batas na Pagkilos (Tingnan ang Seksyon II at Apendiks IV);
- ang pagkilos ay hindi sakop ng Polisiyang ito (tingnan ang Seksyon III.B);
- walang sapat na impormasyon upang isagawa ang Proseso ng Resolusyon (halimbawa, ang pagkakakilanlan ng mga taong sangkot);
- ang kahilingan ng Nagrereklamo na walang imbestigasyon ang magaganap ay maaaring pahintulutan (tingnan ang Seksyon IV.A.5.b); o
- walang sapat na koneksyon sa pagitan ng aksyon at ng Unibersidad upang magsagawa ng Proseso ng Resolusyon (halimbawa, aksyon na hindi naganap sa konteksto ng programa ng Unibersidad o aktibidad, at sangkot lamang ang ikatlong partido).

Tatapusin ng Opisyal ng Title IX ang nasabing mga usapin alinsunod sa nasusulat na gabay na ibinigay ng Opisina ng Title IX sa buong Sistema. Magsasagawa pa rin ang Opisina ng Title IX ng mga hakbang upang ihinto ang nireport na aksyon kung angkop upang iwasan ang pagdaragdag nito o pag-ulit at tugunan ang mga epekto nito. Kabilang sa mga hakbang na iyon ang pag-aalok ng mga dulungan at Nagpapagaan na mga Hakbang, halimbawa sa Nagrereklamo at pagbibigay ng target na pansugpong edukasyon (kabilang sa Respondente) at mga programa ng pagsasanay.

Kapag ang nireport na aksyon ay hindi Labag sa Batas na Pagkilos (tulad ng panunubok o panliligalig na hindi batay sa seks, o mga komento na seksuwal ang katangian kapag may klinikal na enkuwentro na hindi umaabot sa lebel ng Marahas na Kapaligiran), isasangguni ng Opisyal ng Title IX kung naaangkop ang usapin sa ibang opisina para sa pagrepaso at resolusyon.

Para tukuyin kung may sapat na koneksyon sa pagitan ng aksyon at ng Unibersidad upang magsagawa ng Proseso ng Resolusyon, isasaalang-alang ng Opisyal ng Title IX ang mga salik tulad ng:

- saan at anong konteksto ng Labag sa Batas na Pagkilos naganap ang Labag sa Batas na Pagkilos (ibig sabihin ay kung ang koneksyon sa pagitan ng aksyon at property ng Unibersidad o programa ng Unibersidad o aktibidad);
- kung ang Nagrereklamo o Respondente ay mga miyembro ng komunidad ng Unibersidad nang maganap ang Labag sa Batas na Pagkilos na ipinaparatang;
- kung ang Nagrereklamo o Respondente ay mga miyembro ng komunidad sa panahon ng report na iyon; at
- kung may impormasyon ay nagpapakita ng isinasagawang pagbabanta sa komunidad ng Unibersidad.

5. Buod ng mga Proseso ng Resolusyon

Ang mga report ng Labag sa Batas na Pagkilos na hindi tinapos pagkatapos ng unang pagsusuri ng Opisyal ng Title IX ay maaaring lutasin sa pamamagitan ng Alternatibong Resolusyon, Proseso ng Pagdaing sa DOE, Pormal na Imbestigasyon, magkahiwalay na karaingan ng empleyado o proseso ng reklamo o Iba Pang Pagtatanong. Bawat isa sa mga ito ay inilalarawan sa ibaba. Ang Mga Proseso ng Resolusyon ay hindi-adversarial na mga pagdinig. Sa simula ng anumang Proseso ng Resolusyon, ipapaalam ng Opisyal ng Title IX sa mga partido ang mga panuntunan ng asal ng Unibersidad sa panahon ng proseso.

a. Alternatibong Resolusyon

Walang Alternatibong Resolusyon kapag ang Nagrereklamo ay isang estudyante at ang Respondente ay isang empleyado. Sa ibang mga kaso, pagkatapos ng paunang pagsusuri ng mga katotohanang ipinaparatang, maaaring simulan ng Opisyal ng Title IX Officer ang proseso ng Alternatibong Resolusyon kung sangayon nang pasulat ang Nagrereklamo at Respondente. Sisimulan ng Opisyal ng Title IX ang proseso ng pagsangguni sa ibang mga opisyal kung naaangkop depende kung ang Nagrereklamo at Respondente ay guro, ibang mga akademikong itinalaga, tauhan, mga empleyadong estudyante, o estudyante. Maaaring kabilang sa Alternatibong Resolusyon ang iba pang mga tugon na:

- naghihiwalay sa mga partido;
- inilalaan para sa kaligtasan;
- isinasangguni ang mga partido para sa pagpapayo;
- namamagitan (maliban sa mga kaso ng seksuwal na karahasan);
- pagsangguni para sa pandisiplinang aksyon;
- kasunduan sa pagitan ng mga partido;
- pagsasagawa ng nakatarget na mga programa ng edukasyon sa pagsugpo at pagsasanay; at
- pagsasagawa ng kasunod na pagrepaso upang tiyakin na ang resolusyon ay epektibong naisagawa.

Maaaring espesyal na kapaki-pakinabang ang Labag sa Batas na Pagkilos kapag:

- ang imbestigasyon ay hindi posibleng dalhin sa isang resolusyon;
- mas gusto ng parehong partido ang di pormal na proseso; o
- sangkot sa kaso ang hindi gaanong malubhang paratang.

Nasa pagpapasya ng Opisyal ng Title IX ang pagtukoy kung ang nagrereklamo ay angkop para sa Alternatibong Resolusyon, upang tukuyin ang uri ng resolusyon upang magpatuloy, at ihinto ang proseso anumang oras bago ang

konklusyon nito at magpunta sa Pormal na Imbestigasyon o (kung naaangkop) Proseso ng Pagdaing sa DOE.

Ang pakikilahok sa Alternatibong Resolusyon ay boluntaryo, na nangangahulugang dapat sangayon ang Nagrereklamo at Respondente na lumahok. Kapag pinili ang Alternatibong Resolusyon, magbibigay ang Opisyal na Alternatibong nasa tamang oras na nasusulat na abiso sa parehong partido na kabilang:

- mga alegasyon
- ang Opisyal ng Title IX ay nagsimula na sa proseso;
- na ang proseso ay boluntaryo at tatapusin sa kahilingan ng sinumang partido;
- ang terminasyon ay maaaring magdulot ng Pormal na Imbestigasyon o (kung naaangkop) Proseso ng Pagdaing sa DOE (tingnan ang Seksyon V.A.5.b);
- maaaring samahan sila ng tagapayo sa buong proseso;
- aabisuhan ng Opisyal ng Title IX ang parehong partido ng resulta ng proseso; at
- ang proseso ay pribado ngunit hindi kumpidensyal, papanatilihin ng Opisyal ng Title IX ang talaan ng proseso at maaaring ibahagi ang impormasyon sa iba kung kinakailangan upang isagawa ang resolusyon, at ang impormasyong ibinahagi ng mga partido ay maaaring isaalang-alang sa anumang kasunod na Proseso ng Resolusyon.

Pangangasiwaan ng Opisyal ng Title IX ang proseso ng Alternatibong Resolusyon at; kung sangkot sa proseso ang ibang mga opisyal na campus, pananatilihin ang angkop na antas ng pagiging sangkot.

Kukumpletuhin ng Opisyal ng Title IX ang proseso ng Alternatibong Resolusyon nang agaran, karaniwang sa loob ng 30 hanggang 60 araw ng negosyo ng pag-abiso ng mga partido sa pamamagitan ng liham ng pagsisimula ng proseso. Gayunman, maaaring pahabain ng Opisyal ng Title IX nang 60 araw para sa mabuting hangarin. Aabisuhan ng Opisyal ng Title IX ang mga partido sa pamamagitan ng liham tungkol sa dahilan ng anumang pagpapahaba at ipinakikitang bagong timeline. Ang aktuwal na oras na kailangan ay depende sa espesipikong mga kalagayan, kabilang ang kahirapan ng mga paratang at katangian ng ipinaparatang na aksyon. Isasaalang-alang, aaprubahan, at ipakikipag-usap ang mga pagpapahaba ng Opisyal ng Title IX alinsunod sa nasusulat na mga gabay mula sa Opisina ng Title IX sa buong Sistema.

Sa oras na sumangayon ang mga partido sa mga termino ng Alternatibong Resolusyon, ang Unibersidad ay hindi magsasagawa ng Pormal na Imbestigasyon o (kung naaangkop) Proseso ng Pagdaing sa DOE maliban kung tukuyin ng Opisyal ng Title IX na hindi natugunan ng Respondete ang mga

termino ng Alternatibong Resolusyon, o ang Alternatibong Resolusyon ay nabigong ihinto ang Labag sa Batas na Pagkilos o pigilan itong mauli.

lingatan ng Opisyal ng Title IX ang mga record ng lahat ng report at aksyon na isinagawa sa pamamagitan ng Alternatibong Resolusyon.

b. Pormal na Imbestigasyon o Proseso ng Pagdaing sa DOE

Sisimulan ng Opisyal ng Title IX ang Proseso ng Pagdaing sa DOE kapag natukoy nila na kinakailangan ito ayon sa Apendiks IV. Maaaring mangyari ito pagkatapos ng Alternatibong Resolusyon upang tugunan ang Asal ng Saklaw ng DOE na nagtatapos bago sumang-ayon ang mga partido sa mga termino. Nagsisimula ang Proseso ng Pagdaing sa DOE sa isang imbestigasyon.

Sisimulan ng Opisyal ng Title IX ang Pormal na Imbestigasyon kapag nagpasya silang tapusin ng report pagkatapos ng kanilang paunang pagsusuri, ang diumano’y asal ay hindi Asal ng Saklaw ng DOE, at alinman sa (i) Alternatibong Resolusyon at ang ibang mga Tanong ay hindi angkop, o (ii) ang mga partido ay hindi sangayon na lumahok sa Alternatibong Resolusyon o tinapos ito bago sila sumangayon sa mga termino. sa parehong mga Pormal na Imbestigasyon at imbestigasyon sa Proseso ng Pagdaing sa DOE:

Ang Opisyal ng Title IX ay maaaring makipag-ugnay sa imbestigasyon kasama ang ibang mga opisina, depende sa mga pagkakakilanlan ng Nagrereklamo at Respondente (ang guro, akademikong mga itinalaga, kawani o mga estudyante).

Kung ayaw ng Nagrereklamo sa imbestigasyon, seryosong isasaalang-alang ng Opisyal ng Title IX ang pagpipiliang ito. Gayunman, maaaring tukuyin ng Opisyal na Title IX na ang imbestigasyon ay kailangan upang sugpuin ang panganib sa komunidad ng campus. Kapag nagpasya ang Opisyal ng Title IX na buksan ang Pormal na Imbestigasyon sa kabila ng kahilingan ng Nagrereklamo, ang Opisyal ng Title IX ay: sabihin sa Nagrereklamo ang desisyon bago simulan ang pagsisiyasat o kung hindi man ay abisuhan ang Respondent ng pagkakakilanlan ng Nagrereklamo; sabihin sa Respondente na ang Nagrereklamo ay hindi humiling ng imbestigasyon ngunit natukoy ng Opisyal ng Title IX na kailangan ang isa; at bibigyan ang Nagrereklamo ng lahat ng impormasyong kailangan sa pamamagitan ng Polisiyang ito maliban kung binanggit ng Nagrereklamo sa pamamagitan ng liham na ayaw nila nito.

Kapag hindi sinumulan ng Opisyal ng Title IX ang imbestigasyon, aabisuhan nila ang Nagrereklamo na nililimitahan nito ang posibleng mga solusyon. Gayunman ay maglalaan ang Opisyal ng Title IX ng mga Nagpapagaan na mga Hakbang na angkop at alinsunod sa pagkapribado ng Nagrereklamo at ang kawalan ng imbestigasyon.

Kapag sinimulan ng Opisyal ng Title IX ang imbestigasyon, bibigyan nila ang mga partido ng nasusulat na buod ng mga paratang, ang paliwanag ng kanilang mga karapatan, ang mga pamamaraan ng susundan, available na mga resource, at ang Polisiyang ito. Bagama’t ang mga partido ay may karapatan na kilalanin ang ebidensya at mga testigo, dala ng Unibersidad ang pasanin ng

patunay at pagtitipon ng ebidensya na sapat na aabot sa pagpapasya tungkol sa responsibilidad.

- i. *Timeframe.* Kukumpletuhin agad ng Opisyal ng Title IX, karaniwang sa loob ng 60 hanggang 90 araw na may pasok ng pag-aabiso sa mga partido ng mga paratang sa pamamagitan ng liham. Gayunman, maaaring pahabain ng Opisyal ng Title IX ang timeframe nang 90 araw para sa mabuting dahilan. Pana-panahong ia-update ng Opisyal ng Title IX ang mga partido sa katayuan ng imbestigasyon at aabisuhan sila sa pamamagitan ng liham tungkol sa dahilan ng anumang pagpapahaba at ipinakikitang bagong timeline. Ang aktuwal na oras na kailangan ay depende sa espesipikong mga kalagayan, kabilang ang pagiging kumplikado ng problema at kalalaan at saklaw ng ipinaratang na aksyon. Isasaalang-alang, aaprubahan, at ipakikipag-usap ang mga pagpapahaba ng Opisyal ng Title IX alinsunod sa nasusulat na mga gabay mula sa Opisina ng Title IX sa buong Sistema.

Kung nag-iimbestiga rin ang pulis sa paratang na aksyon, makikipagtulungan ang Opisyal ng Title IX sa pulis gayunman ay agad kikilos nang walang antala sa imbestigasyon hanggang sa katapusan ng kriminal na imbestigasyon.

- ii. *Pagbubunyag ng Impormasyon.* Pangkalahatang kabilang sa imbestigasyon ang mga panayam sa mga partido at sinumang testigo, at repaso ng ebidensya. Ibabahagi ng Opisyal ng Title IX ang impormasyon sa mga testigo lamang kung makatwirang kailangan upang magsagawa ng patas at lubusang imbestigasyon. Papayuhan din nila ang mga testigo tungkol sa pagtatago ng impormasyong nalaman sa pamamagitan ng pribadong imbestigasyon upang protektahan kapwa ang mga taong sangkot at integridad ng imbestigasyon. Aabisuhan nila ang mga testigo na ang direktang may kaugnayang impormasyon na ibibigay nila at ang kanilang pagkakakilanlan ay posibleng ibunyag sa Nagrereklamo at Respondente.
- iii. *Karapatan para sa isang Tagapayo.* Maaaring magsama ang Nagrereklamo at Respondente ng tagapayo kapag iniinterbyu sila at sa mga pagpupulong. Maaari rin silang magkaroon ng mga taong sumusuporta sa ilalim ng mga polisiyang ito. Ang ibang mga testigo ay maaaring magsama ng tagapayo sa pasya ng Opisyal ng Title IX o kung hinihiling ng polisiya ng Unibersidad o kasunduan ng sama-samang unawaan.
- iv. *Akademikong Kalayaan/Merito.* Kapag ang imbestigasyon ay nagpapahiwatig ng akademikong merito o akademikong kalayaan, sasangguni ang Opisyal ng Title IX sa angkop na opisyal ng akademiko para sa nauugnay na akademikong paghatol.
- v. *Pagsisimula ng Imbestigasyon ng Unibersidad.* Maaaring piliin ng Opisyal ng Title IX na simulan at isagawa ang imbestigasyon nang walang Nagrereklamo kung may, halimbawa:

University of California – Polisiya ng SVSH
Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig

- impormasyong nagpapahiwatig ng nagaganap na pagbabanta sa komunidad ng Unibersidad;
 - batayan ng aksyon ng pinaghihinalaang seksuwal na panliligalig sa maraming tao ng parehong Respondente na kapag pinagsama-sama ay lumilikha ng masamang kapaligiran (tulad ng tinukoy sa Polisiyang ito) para sa karaniwang tao; o
 - mga paratang ng Labag sa Batas na Pagkilos na sakop ng Polisiyang ito sa pampublikong teritoryo (tulad ng mga report sa balita o social media).
- vi. *Administratibong Pagtatapos*. Maaaring tapusin ng Opisyal ng Title IX ang imbestigasyon bago kumpletuhin ito kung natukoy nila na ang malaking pagbabago sa mga kalagayan ay lubhang nagpapahina sa imbestigasyon na hindi nila makatwirang mapagkakatiwalaan ang mga konklusyon kung nangyari ba ang diumano’y asal. Magsasagawa pa rin ang Opisina ng Title IX ng mga hakbang upang ihinto ang nireport na aksyon kung angkop upang iwasan ang pagdaragdag nito o pag-ulit at tugunan ang mga epekto nito. Mag-aalok din sila ng mga naaangkop na dulugan sa mga partido at mga Nagpapagaan na mga Hakbang sa Nagrereklamo.

c. Karaingan/Mga Hakbang ng Nagrereklamo para sa mga Empleyado

Sa halip na, o bilang karagdagan sa, pag-uulat sa Opisyal ng Title IX o ibang Responsableng Empleyado, maaaring maghain din ng karaingan o reklamo ang empleyado ng Unibersidad. Dapat matugunan ng karaingan o reklamong iyon ang lahat ng mga kinakailangan, kabilang ang limit ng oras sa paghahain, sa ilalim ng nalalapat na resolusyon ng reklamo o paraan ng karaingan na nakalista sa *Apendiks I: Resolusyon ng Reklamo ng Unibersidad at Mga Hakbang ng Karaingan*. Anumang karaingang iyon o reklamo ay ipapasa sa Opisyal ng Title IX para iproseso sa ilalim ng Polisiyang ito, at ang hakbang ng karaingan o reklamo ay isasagawa bilang pagpapaliban sa nakabinbing resolusyon sa ilalim ng Polisiyang ito, maliban kung inilaan ang kasunduan ng sama-samang unawaan o collective bargaining. Pagkatapos kumpletuhin ang proseso sa ilalim ng Polisiyang ito, ang karaingan o reklamo ay maaaring i-reactivate sa ilalim ng naaangkop na hakbang ng karaingan o reklamo.

d. Iba Pang Tanong

Kapag ang report ay hindi tinapos pagkatapos ng inisyal na pagsusuri gayunman ay hindi angkop para sa Alternatibong Resolusyon, Pormal na Imbestigasyon o Proseso ng Pagdaing sa DOE dahil walang natutukoy na Respondente na sakop ng Opisyal ng Title IX, ang Opisyal ng Title IX ay:

- magtatanong upang subukang tukuyin kung ano ang nangyari, at
- magsasagawa ng agarang mga hakbang na makatwirang kinalkula upang ihinto ang anumang napatunayang aksyon, pigilan ang pag-ulit nito, at kung naaangkop, lutasin ang mga epekto nito.

Ang nasabing pagtatanong ay maaaring angkop kung, halimbawa, ang Nagrereklamo ay nagparatang sa organisasyon ng Labag sa Batas na Pagkilos, ang isang tao na walang pagkakakilanlan, o ikatlong partido, o ang sinasabing aksyong isinagawa ng maraming tao ay umaabot lamang sa antas ng Labag sa Batas na Pagkilos kapag pinagsama-sama.

Ang lawak ng pinsala at mga tumutugong hakbang ay depende sa espesipikong mga kalagayan. Kabilang dito, halimbawa ang:

- katangian at lugar ng sinasabing aksyon,
- ang relasyon ng Unibersidad sa Nagrereklamo, at
- ang relasyon ng Unibersidad sa at sa antas ng kontrol sa organisasyon o taong sinasabing gumawa ng aksyon.

Agad kukumpletuhin ng Opisyal ng Title IX ang pagtatanong (karaniwang sa loob ng 60 araw, maliban kung pinahaba para sa magandang dahilan), at aabisuhan ang Nagrereklamo ng resulta.

e. Mga Abiso at Dokumentasyon

Kapag nakikibahagi sa Proseso ng Resolusyon na inilaan para sa Seksyong V.A.5 na ito, magbibigay ang Opisyal ng Title IX ng nasusulat na mga abiso sa mga partido at itatago ang mga rekord alinsunod sa gabay na binigay ng Opisina ng Title IX sa buong Sistema. Tutugunan ng mga gabay, halimbawa ang:

- impormasyong ibinigay sa mga partido tungkol sa kanilang mga karapatan at pagpipilian;
- mga abisong ibinigay sa mga partido sa simula at katapusan ng proseso;
- dokumentasyon ng kasunduan ng mga partido upang makibahagi sa Alternatibong Resolusyon;
- dokumentasyon ng mga resolusyong umabot sa pamamagitan ng Alternatibong Resolusyon, kabilang ang dokumentasyong nakuha mula sa anumang iba pang mga opisyal ng campus na sangkot sa resolusyon; at
- mga uri ng dokumentong iingat sa katapusan ng proseso.

6. Ang Ulat ng Imbestigasyon at Kinalabasan

Kapag isinagawa ang alinman sa Pormal na Imbestigasyon o imbestigasyon sa Proseso ng Pagdaing sa DOE, ang Opisyal ng Title IX ay maghahanda ng nasusulat na report kabilang ang:

- makatotohanang mga paratang at sinasabing mga paglabag sa polisiya;
- mga pahayag ng mga partido;
- buod ng ebidensya;
- paliwanag kung bakit ang alinman sa ibinigay na ebidensya ay hindi inasahan;

University of California – Polisiya ng SVSH
Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig

- mga pagkilala sa kredibilidad kung naaangkop;
- paghahanap ng katotohanan; at
- pag-analisa kung ang Polisiyang ito ay nilabag.

Isasama rin sa report ang pagtukoy ng Opisyal ng Title IX kung nilabag ng Respondente ang Polisiyang ito. Gayunman, sa Proseso ng Pagdaing sa DOE, at sa anumang panahon na ang Respondente ay isang estudyante, panimula pa lamang ang pagtukoy. (Tingnan ang [Appendix E: Sexual Violence and Sexual Harassment Student Investigation and Adjudication Framework.](#)) Sa pagtukoy kung nilabag ang Polisiya o hindi, ilalapat ng Opisyal ng Title IX ang pamantayan ng ibinigay na ebidensya.

Sa katapusan ng imbestigasyon, sabay-sabay na maglalaan ang mga partido ng Report ng Imbestigasyon sa Opisyal ng Title IX. Ang report ay maaaring binago upang protektahan ang pagkapribado (tingnan ang APM-160 at ibang mga polisiya ng Unibersidad na sumasaklaw sa pagkapribado). Aabisuhan ng Opisyal ng Title IX ang mga partido sa pamamagitan ng liham ang resulta ng imbestigasyon at resulta nito, at anumang available na mga karapatan ng apela.

Sa Proseso ng Pagdaing sa DOE, at sa anumang panahon na isang estudyante ang Respondente, aabisuhan ng Opisyal ng Title IX ang mga partido ng kanilang karapatang tutulan o hindi tanggapin ang paunang imbestigasyon ng imbestigador at magkaroon ng pagdinig upang tukuyin kung ang Polisiyang ito ay nilabag. Kung gagawin nila, ang susunod na yugto ng Proseso ng Pagdaing sa DOE o Pormal na Imbestigasyon ay ang pagdinig. (Tingnan ang Apendiks E: Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas para sa Asal na Hindi Saklaw ng DOE, Pansamantalang Apendiks F: Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas para sa Asal na Saklaw ng DOE; Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas para sa Guro ng Senado at Hindi Senado, at Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas para sa Kawani at Hindi Guro na Tauhan ng Akademiya.)

7. Solusyon

- a. Kapag nalaman ng Unibersidad ang Labag sa Batas na Pagkilos, ang unibersidad ay magsasagawa ng agaran at epektibong mga hakbang na makatwirang tinantya upang ihinto ang paglabag, pigilan na maulit ito, at kung naaangkop, solusyunan ang mga epekto nito. Para sa mga halimbawa ng available na mga panlutas na hakbang, tingnan ang Apendiks III.
- b. Kung ang solusyon ay hindi pa naibigay, pangangasiwaan ng Opisyal ng Title IX ang implementasyon nito sa pagkonsulta sa angkop na mga tagapangasiwa. Isasaalang-alang ng Opisyal ng Title IX kung ang anumang mga sistemikong remedyo, tulad ng pinahusay na pagsasanay o pinabuting seguridad, ay angkop din.

8. Disiplina

- a. Ipapasa ng Opisyal ng Title IX ang Report ng Imbestigasyon (kasama ang mga lakip) sa angkop na tagapangasiwang may pananagutan para sa higit na aksyon, kabilang ang disiplina.
- b. Sinumang miyembro ng komunidad ng Unibersidad na napag-alamang nagsagawa ng Labag sa Batas na Pagkilos ay maaaring sumailalim sa pandisiplinang aksyon, hanggang sa, at kabilanga ng pagpapatalsik alinsunod sa naaangkop na pandisiplinang hakbang ng Unibersidad (Apendiks II: Mga Pamamaraan ng Pandisiplinang Aksyon ng Unibersidad) o ibang polisiya.
- c. Sa katapusan ng anumang pandisiplinang paglilitis sabay na aabisuhan sa pamamagitan ng liham ang Nagrereklamo at Respondente ng:
 - resulta, kabilang ang huling pasya may kinalaman sa paratang na pagkakasala, anumang disiplina, at paliwanag para sa mga resulta;
 - anumang available na karapatan at mga hakbang sa apela; at
 - anumang kasunod na pagbabago sa mga resulta at kapag ang mga resulta ay naging final.

Susubukang tapusin ng Unibersidad at aabisuhan ang mga partido ng pandisiplinang desisyon na makatwirang agaran alinsunod sa naaangkop na mga hakbang, depende sa kalalaan at lawak ng Labag sa Batas na Pagkilos at ang kahirapan ng problema.

B. Mga Pananagutan ng Lokasyon

Bawat lokasyon ay dapat magsagawa ng sumusunod:

1. Magtalaga at magbigay ng sapat na dulugan at kalayaan sa Opisyal ng Title IX. Kabilang sa mga pananagutan ng Opisyal ng Title IX, ngunit maaaring hindi limitado sa sumusunod na mga tungkulin:
 - a. Ipakipag-usap ng compliance sa polisiyang ito, kabilang ang mga imbestigasyon, report at solusyon.
 - b. Makipag-ugnayan sa ibang mga yunit na may pananagutan upang tiyakin na ang Sumusuporta at Panlunas na mga Hakbang na tinukoy na kinakailangan ng Opisyal ng Title IX ay inilalaan.
 - c. Makipag-ugnayan sa ibang mga yunit na may pananagutan upang tiyakin na ang lokal na edukasyon sa pagsugpo ng seksuwal na karahasan at seksuwal na panliligalig at mga programa ng pagsasanay ay iniaalok at ibinibigay, tulad ng hinihiling ng Polisiya.
 - d. Magbigay ng mga educational material upang isulong ang pagsunod sa Polisiya at pagiging pamilyar sa lokal na mga paraan ng pagrereport.
 - e. Tiyakin na ang mga empleyado ng Unibersidad at mga kontraktor na may pananagutan para sa pagrereport o pagtugon sa mga report ng Labag sa Batas na Pagkilos, kabilang ang mga responsable sa mga proseso ng

University of California – Polisiya ng SVSH
Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig

- imbestigasyon, paghatol at pag-apela, ay may maayos na pagsasanay . Paglalaan at pagsubaybay na mga pagsasanay para sa mga empleyadong tagapagsiyasat, ibang mga pangunahing miyembro ng mga tauhan ng Opisyal ng Title IX at mga opisyal at coordinator ng pagdinig alinsunod sa mga gabay na ibinigay ng Opisina ng Title IX sa buong Sistema. Tiyakin na ang mga materyales sa pagsasanay ay nagtataguyod ng walang kinikilingang mga imbestigasyon at paghahatol. Gawing pampubliko ang mga materyales sa pagsasanay sa website ng campus kung kinakailangan ng batas.
- f. Magpatupad ng mga hakbnag upang matulungang matiyak na ang mga empleyado at kontraktor ng Unibersidad na responsable para sa pag-iimbestiga, paglutas, at paghahatol ng mga ulat ng Labag sa Batas na Asal ay walang salungatan ng interes o pagkiling para o laban sa sinumang indibiduwal o partido, o para o laban sa mga nagrereklamo o respondente sa pangkalahatan.
 - g. Tumugon agad at makatwirang magreport ng Labag sa Batas na Pagkilos alinsunod sa Polisiya.
 - h. Itago ang mga record ng report ng Labag sa Batas na Pagkilos, at anumang mga aksyon na isinagawa bilang tugon sa mga report, kabilang ang mga record ng mga pasya tungkol sa Sumusuporta at Panlunas na mga Hakbang, mga imbestigasyon, resolusyon, at pandisiplinang aksyon, alinsunod sa mga record ng mga polisiya sa pangangasiwa ng Unibersidad at mga patnubay na inilabas ng Tanggapan ng Systemwide Title IX.
 - i. Kilalanin at tugunan ang anumang mga saligan o sistematikong mga problema na nagmula sa pagrepaso ng mga report sa Labag sa Batas na Pagkilos.
 - j. Pagpapaskil ng mga pangalan at impormasyon ng contact ng mga Opisyal ng Title IX at karagdagang itinalaga, sinanay, tagapayo ng seksuwal na panliligalig at seksuwal na karahasan sa website ng seksuwal na karahasan.
2. Italaga ang mga taong makakapagbigay ng lihim na pagsangguni, nang hindi nirereport ang insidente sa Opisyal ng Title IX, sa sinumang miyembro ng komunidad ng Unibersidad na naghahanap ng impormasyon , payo tungkol sa paggawa ng report ng Labag sa Batas na Pagkilos. Bawat lokasyon ay magpapaskil ng impormasyon tungkol sa paano at saan kokontakin ang mga lihim na dulugan sa website nito.

Ang mga taong sumasangguni sa nasabing mga lihim na dulugan ay papayuhan na may mga talakayan sa mga setting na ito na hindi itinuturing na aktuwal na mga report ng Labag sa Batas na Pagkilos at nang walang karagdagang aksyon ng tao, ang mga pagtalakay na ito ay hindi magdudulot ng anumang pormal na aksyon sa pamamagitan ng Unibersidad upang lutasin ang kanilang mga alalahanin.

- 3. Magtatag ng nag-iisa, kumpidensyal na Opisina ng Tagapagtanggol upang lutasin ang Seksuwal na Karahasan na tinatawag na *CARE: Opisina ng*

Tagapagtanggol para sa Seksuwal at Batay sa Kasarian na Karahasan at Maling Gawain.

4. Magbigay ng “Tagapangasiwa sa Mga Serbisyo ng Respondente” na nangangasiwa sa patas at makatarungang mga serbisyo para sa Respondente.
5. Magtatag ng response team model na binubuo ng dalawang team:
 - a. Ang Case Management Team (CMT) na nagpapanatili sa pagiging patuloy na pakikipagtulungan ng nireport na mga kaso ng seksuwal na karahasan ay tumitiyak na ang lahat ng kaso ay tinutugunan agad at nang makatwiran, at tinitiyak na ang tugon ang nagsusulong sa kagalingan mula sa trauma; at
 - b. Ang Coordinated Community Review Team (CCRT) ay may pananagutan sa sama-samang pagtutulongan ng campus sa pagsugpo at pagtugon sa seksuwal na karahasan. Ang CCRT ay nagsisilbi sa kakayahang magpayo sa pamumuno sa kampusat mga miyembro ng komunidad tungkol sa pinakamagagandang kasanayan sa mga polisiya, edukasyon, pagsugpo at pagtugon sa seksuwal na karahasan.

Tandaan: Ang mga kinakailangan ng #3, 4, at 5 sa itaas ay para sa mga lokasyon kasama ang mga estudyante lamang. Gayunman, ang ANR, UCOP, At LBNL ay dapat ipakipag-ugnay ang paghahatid ng mga serbisyong ito sa kaugnay na mga campus o kaanib na mga organisasyon.

6. Magbigay ng ipinatutupad na taunang pagsasanay at edukasyon tungkol sa Labag sa Batas na Pagkilos at paano maaaring ireport ang aksyong iyon sa lahat ng mga estudyante, guro, ibang mga akademikong nakatalaga, at tauhan alinsunod sa naaangkop na Estado at pederal na batas, at mga polisiya ng Unibersidad.
7. Nag-aalok ng mga pangunahing programa sa pagsugpo at mga kampanya ng kamalayan sa komunidad ng Unibersidad upang magsulong ng nagaganap na kamalayan ng Seksuwal na Karahasan. Kabilang sa mga kampanyang ito ngunit hindi limitado sa edukasyon tungkol sa kahulugan ng pahintulot, may pahintulot na relasyon, opsyon para sa pakikialam ng mga tagapagmasid, mga trauma-informed approach, at impormasyon sa kamalayan sa pagbabawas ng panganib. Ang mga programang ito ay upang magsulong ng mga asal na nagpapalaganap sa malusog at magalang na relasyon habang hinihimok ang ligtas na kapaligiran para sa mga nagmamasid upang makialam sa potensyal na kaso ng Seksuwal na Karahasan.
8. Sundin ang itinatag at inaprubahang mga proseso ng Unibersidad para sa imbestigasyon, paghatol at disiplina.
9. Magbigay ng malinaw, palagiang pagsasanay na may kaisipang trauma-informed para sa mga taong responsable sa pagtugon sa mga report ng Labag sa Batas na Pagkilos, kabilang ang Pagtatanggol at mga serbisyo ng Respondente, Alternatibong Resolusyon at proseso ng Pormal na Imbestigasyon, at pagdinig, kalutasan, disiplina at proseso ng apela.

10. Pagsasapubliko ng proseso para lamang sa lokasyon para sa pagrereport ng mga insidente ng Labag sa Batas na Pagkilos.
11. Pagbibigay ng nasusulat na paliwanag ng mga karapatan at available na mga opsyon katulad ng binalangkas sa Polisiyang ito kabilang ang:
 - a. Paano at kanino irereport ang mga sinasabing paglabag.
 - b. Mga opsyon para sa pag-aabiso ng pagpapatupad ng batas at mga awtoridad ng campus; ang karapatang matulungan ng mga awtoridad ng campus sa pagbibigay ng abiso sa pagpapatupad ng batas, kung nais ng Nagrereklamo; at ang karapatan upang tanggihan na abisuhan ng nasabing mga awtoridad.
 - c. Ang mga karapatan ng mga Nagrereklamo may kinalaman sa mga kautusan ng proteksyon, kautusan sa hindi pagtawag, kautusan sa hindi paglapit, o katulad na kautusan na inilabas ng mga kriminal o sibil na korte gayundin sa mga pananagutan ng Unibersidad na sundin ang nasabing mga kautusan.
 - d. Ang kahalagahan ng pagtatago ng ebidensya na maaring makatulong sa pagpapatunay na ang kriminal na paglabag ay naganap o sa pagkuha ng kautusan sa proteksyon.
 - e. Pagpapayo, tulong sa kalusugan, tulong sa mental na kalusugan, pagtatanggol sa biktima, legal na tulong, visa at imigrasyong tulong, at iba pang mga serbisyong magagamit sa loob ng Unibersidad ng komunidad.
 - f. Mga opsyon para sa, at magagamit na tulong upang baguhin ang sitwasyon sa akademiko, pamumuhay, transportasyon, at pagtatrabaho, kung hiniling ng Nagrereklamo at kung ang nasabing mga opsyon ay makatwirang available—nais man ng Nagrereklamo na ireport ang sinasabing aksyon o hindi sa tagapagpatupad ng batas.
 - g. Magagamit na mga pamamaraan para sa institusyonal na pandisiplinang aksyon.
 - h. Mamahagi at magpaskil ng Polisiyang ito. Bawat lokasyon ay kinakailangan upang ipamahagi ang Polisiyang ito sa mga estudyante, guro, ibang mga akademikong itinalagang kawani, mga boluntaryo na regular na nakikipag-ugnay sa mga estudyante, at mga kontratista na nagbibigay ng mga serbisyong kaugnay ng regular na interaksyon sa mga estudyante, sa pamamagitan ng pamamaraang iyon tulad ng mga website, mga board ng impormasyon ng estudyante, manwal ng estudyante, manwal ng guro at mga website ng kawani at mga board ng impormasyon at sa panahon ng pagsasanay at oryentasyon ng estudyante.

VI. KAUGNAY NA IMPORMASYON

- A. [University of California Standards of Ethical Conduct](#)
- B. [University of California Statement of Ethical Values](#)

Manwal ng Akademikong Tauhan

- A. [Academic Personnel Manual \(APM\) Section 015](#), Kodigo ng Asal ng Guro
- B. [Academic Personnel Manual \(APM\) Section 016, University Policy on Faculty Conduct and the Administration of Discipline](#)
- C. [Academic Personnel Manual \(APM\) Section 035, Affirmative Action and Nondiscrimination in Employment](#)
- D. [Academic Personnel Manual \(APM\) Section 140](#), Mga Hindi Senadong Akademikong Itinalaga/Mga Karaingan
- E. [Academic Personnel Manual \(APM\) Section 150](#), Mga Hindi Senadong Akademikong Itinalaga/Pangwastong Aksyon at Pagpapatalsik
- F. [Academic Personnel Manual \(APM\) Section 160](#), Mga Akademikong Record ng Tauhan/Pagmamantini, Pag-access, at Oportunidad uapng Humiling ng Amyenda sa

Mga Polisiya at Gabay na Pampangulo

- A. [University of California Corrective Action PPSM 62](#)
- B. [University of California Investigatory Leave PPSM 63](#)
- C. [University of California Termination and Job Abandonment PPSM 64](#)
- D. [University of California Termination Appointment PPSM II-64](#)
- E. [University of California Complaint Resolution \(Senior Managers\) PPSM II-70](#)
- F. [University of California Complaint Resolution \(Staff Personnel\) PPSM 70](#)
- G. [University of California Discrimination, Harassment, and Affirmative Action in the Workplace](#)
- H. [Policy on Student Conduct and Discipline](#)
- I. [University of California Policies Applying to Campus Activities, Organizations, and Students](#)
- J. [Student-Related Policy Applying to Nondiscrimination on the Basis of Sex](#)
- K. [Nondiscrimination Policy Statement for University of California Publications Regarding Student-Related Matters](#)
- L. [Business and Finance Bulletin RMP-2: Records Retention and Disposition: Principles, Processes, and Guidelines](#)
- M. [University of California Reporting Child Abuse and Neglect](#)
- N. [University of California Clery Act Policy – Campus Safety and Security Reporting](#)

Pederal at Estadong mga Regulasyon

- A. [Fair Employment and Housing Act, Gov't Code section 12952](#)
- B. [Title VII of the Civil Rights Act of 1964, 42 U.S.C. 2000e](#)

- C. [Title IX of the Education Amendments Act of 1972, 20 U.S.C. section 1681](#)
- D. [Violence Against Women Reauthorization Act \(VAWA\) of 2013](#)
- E. The Affordable Care Act, 18 U.S.C. section 18116

VII. MGA MADALAS ITINATANONG

1. Sino ang pwedeng ituring na tagapayo tulad ng inilarawan sa Polisiyang ito?

Ang tagapayo ay maaaring sinumang tao, maliban sa iba pang partido o potensyal na testigo, na nagbibigay ng suporta, gabay, o payo sa Nagrereklamo o Respondente (kabilang ang mga abogado). Ang institusyong ito ay hindi maaaring maglimita sa pagpipilian ng isang tagapayo, ngunit maaaring magbawal sa lawak at paraan ng pakikibahagi ng tagapayo sa paglilitis hangga't ang mga pagbabawal ay patas na inilalapat sa mga Nagrereklamo at Respondente. Sa simula ng anumang Proseso ng Resolusyon, ang Opisyal ng Title IX ay ipapaalam sa mga partido ang mga panuntunan sa asal ng Unibersidad sa panahon ng proseso, at ang potensyal na mga kahihinatnan kung ang tagapayo ay hindi tumugon sa mga pamantayang iyon, kabilang ang pagkadiskwalipika mula sa karagdagang mga serbisyo bilang tagapayo.

2. Ano ang “resulta” o “pasya” ng pandisiplinang paglilitis?

Kabilang sa resulta o pasya ang nasusulat na paglalarawan ng anumang inisyal, pansamantala, at panghuling desisyon na isinagawa ng sinumang may pahintulot na tao, na naglalayong lutasin ang pandisiplinang usapin. Dapat ibunyag ang resulta ng anumang disiplinang ipinataw at ang paliwanag para sa resulta at ang disiplina.

3. Paano inilalarawan ang “kahubaran” para sa mga layunin ng Polisiyang ito?

Ang “Kahubaran” ay nangangahulugang kawalan ng malabong takip na tumatakip sa mga ari, bulbol, pigi, perineum, puwit o parte ng puwit ng sinumang tao o anumang bahagi ng mga suso at o sa ibaba ng utong.

4. Bakit maaaring ilan sa mga asal na labag sa batas ng Polisiyang ito ay seksuwal na karahasan sa ilang kaso ngunit seksuwal na karahasan o ibang ipinagbabawal na aksyon sa iba?

Ang Polisiyang ito ay nagbabawal sa malawak na espektro na maaaring depende sa mga kalagayan, angkop na paratangan ng Seksuwal na Panliligalig, Seksuwal na Karahasan, o Ibang Labag sa Batas na Paggawi. Sa pagpapasya kung ang sinasabing aksyon ay umabot sa antas ng paglabag ng Polisiya, at kung saan ang probisyon ng Polisiya upang magparatang, maaaring isaalang-alang ng Opisyal ng Title IX ang sinasabing espesipikong aksyon at mga nakapaligid na mga kalagayan, tulad ng:

- kalalaan ng aksyon;
- kung saan ang aksyon ay naganap (halimbawa, sa tagong lugar o publiko);
- tagal ng aksyon;

- anumang kasabay na mga pahayag o ibang aksyon ng Respondente (halimbawa malaswa o senyas ng pagbabanta, di seksuwal na paggawi batay sa kasarian);
- kung ang paghipo ay naganap sa ibabaw o sa ilalim ng damit;
- ang relasyon sa pagitan ng mga partido (halimbawa, kung may di balanseng puwersa);

at ibang nauugnay na mga salik. Halimbawa, kung paparatangan ang Respondente ng Opisyal ng Title IX ng sinasabing paghipo sa pigi ng Nagrereklamo Seksuwal na Karahasan man o Seksuwal na Pag-asulto – Ang paghipo ay depende sa espesipikong katangian ng paghipo, at ang konteksto kung saan ito ay naganap. Sa katulad na paraan, ang sinasabing paglalathala ng Respondente ng mga litratong nagpapakita ng seksuwal ng Nagrereklamo na hindi Panghihimasok sa Seksuwal na Pagkapribado katulad ng tinutukoy sa Polisiyang ito ay maaaring depende pa rin sa mga kalagayan ay maaaring iparatang bilang Seksuwal na Karahasan.

5. Kabilang ba sa Seksuwal na Pag-asulto ang “panggagahasa” at “seksuwal na pananakit” bilang mga terminong ginagamit sa konteksto ng kriminal na batas?

Oo. Kabilang sa mga uri ng asal na labag sa Polisiyang ito ang “panggagahasa” at “seksuwal na pananakit” tulad ng tinukoy sa Kodigo Penal ng California. Para sa karagdagang tanong tungkol sa espesipikong uri ng aksyon na lumalabag sa Polisiyang ito o sa batas, mangyaring makipag-ugnayan sa lokal na Tagapagtanggol ng CARE, Pulis ng UC, o Opisyal ng Title IX.

6. Maaari bang hilingin ang mga partido na hindi italakay ang mga alegasyon na napapailalim sa imbestigasyon? Sa oras na maibunyag ang resulta ng imbestigasyon o pandisiplinang paglilitis sa ilalim ng Polisiyang ito sa mga partido, maaaring bang hilingin sa kanila na panatilihin lihim ang impormasyong ito?

Ang Nagrereklamo at Respondente ay maaaring payuhan ng pagkapribado at sensitibong katangian ng mga alegasyon, tauhan at disiplina ng estudyante at ibang mga bagay na lumitaw sa ilalim ng Polisiyang ito ngunit dapat pigilan sa pagtatalakay ng mga alegasyon o pagtitipon ng ebidensya (kung ang kanilang asal ay hindi Paghihiganti ayon sa tinukoy sa Seksyon II), o mula sa higit pang pagbubunyag ng impormasyon tungkol sa mga resulta.

7. Kailangan bang magsagawa ang Unibersidad ng Title IX na Imbestigasyon kung ang kriminal na imbestigasyon ay isinasagawa?

Ang kriminal na imbestigasyon ay naglalayong kilalanin kung ang isang tao ay lumabag sa kriminal na batas. Sa katapusan ng kriminal na proseso maaaring makulong o sumailalim sa kriminal na parusa ang isang tao. Ang Unibersidad ay may tungkulin sa ilalim ng Titolo IX na lutasin agad ang reklamo at makatarungan at upang magbigay ng ligtas at walang diskriminasyong kapaligiran para sa lahat ng miyembro ng komunidad.

Dahil ang mga layunin at pamantayan para sa kriminal at mga imbestigasyon ng Title X ay naiiba, ang terminasyon ng kriminal na imbestigasyon na walang aresto o

pagkukulong ay hindi nakakaapekto sa mga obligasyon ng Title IX sa Unibersidad. Kahit na ang kriminal na imbestigasyon ay isinasagawa, ang Unibersidad ay kailangan pa rin na magsagawa ng sariling Title IX na imbestigasyon.

Dapat abisuhan ng Unibersidad ang mga Nagrereklamo ng karapatan upang maghain ng kriminal na reklamo at hindi dapat tutulan ang mga Nagrereklamo na gawin iyon. Hindi hinihiling ng Title IX na magreport ang Unibersidad ng nasabing aksyon sa tagapagpatupad ng batas, ngunit maaaring ireport ng Unibersidad ang mga obligasyon sa ilalim ng mga batas tulad ng Batas Clery at California Child Abuse and Neglect Reporting Act (CANRA), at maaaring ireport ang sinasabing aksyon alinsunod sa memoranda ng mga binabanggit sa pagitan ng Unibersidad at ng pulis.

8. Paano magpapatuloy ang Unibersidad kug ang campus o lokal na mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas (“pulis”) ay nagsasagawa ng kriminal na imbestigasyon habang ang Unibersidad ay nagsasagawa ng katumbas na imbestigasyong Title IX?

Kung ang sinasabing aksyon ng Respondente ay sumasailalim din sa kriminal na imbestigasyon, ipakikipag-usap ng Opisyal ng Title IX ang imbestigasyon sa pulis. Ang bahagi ng paghahanap ng katotohanan ng imbestigasyon ng Title IX ay maaaring pansamantalang maantala sa yugto ng pangangalap ng ebidensya ng kriminal na imbestigasyon. Sa panahon ng pagkaantalang i to, maaaring magtakda ang Unibersidad ng pansamantalang hakbang. Ang tagal ng oras ng pangangalap ng ebidensya sa pamamagitan ng kriminal na mga imbestigador ay iba-iba depende sa espesipikong mga kalagayan ng bawat kaso.

9. Kailangan bang imbestigahan ng Unibersidad ang impormasyon may kinalaman sa mga insidente ng seksuwal na karahasan na ibinahagi ng mga nakaligtas sa oras ng kaganapan ng pampublikong kamalayan, tulad ng “Take Back the Night”?

Ang karaniwang mga empleyado ay hindi kinakailangang magreport ng mga insidente na nalaman nila habang dumadalo sa mga event ng pampublikong kamalayan, tulad ng “Take Back the Night,” at hindi na kailangan ng Unibersidad na buksan ang mga imbestigasyon batay sa mga pahayag na isinagawa sa panahon ng nasabing mga event.

10. Kailangan bang ireport ng Karaniwang mga Empleyado ang mga pagbubunyag tungkol sa Labag sa Batas na Pagkilos na natanggap sa kurso ng pagsagawa ng Institutional Review Board–inaprubahan o sertipikadong pananaliksik na hindi kabilang ang mga taong pinag-aaralan?

Ang mga Karaniwang Empleyado ay hindi kailangang magreport ng mga pagbubunyag ng Labag sa Batas na Pagkilos na isinagawa ng isang tao noong nakikibahagi sa mga pananaliksik sa taong pinag-aaralan na inaprubahan ng isang Institutional Review Board (IRB) o sertipikado bilang hindi kabilang sa pagrepaso ng IRB sa ilalim ng isa o higit pang mga kategorya sa 45 CFR 46.104. Kapag nagsasagawa ng pananaliksik na dinisenyo, o malamang na magpakita ng impormasyon tungkol sa seksuwal na karahasan o seksuwal na panliligalig, ang

mga mananaliksik ay mahigpit na hinihikayat na magbigay ng impormasyon tungkol sa Unibersidad at community resources upang saliksikin ang mga kalahok.

Ang mga pagbubunyag ng mga insidente ng sinasabing Labag sa Batas na Pagkilos na isinagawa sa oras ng pakikibahagi ng isang tao bilang pinag-aaralan sa may pahintulot na IRB o sertipikadong hindi kabilang sa mga taong pinag-aaralan na protokol ng pananaliksik ay hindi ituturing na abiso sa Unibersidad para sa mga layunin ng pag-uudyok sa obligasyon nitong mag-imbetiga. Ang pagrereport ng hindi kabilang na inilalarawan ng seksyong ito (para sa pagbubunyag na isinagawa ng isang tao noong nakikibahagi sa may pahintulot na IRB o sertipikadong hindi kabilang sa mga taong pinag-aaralan na pananaliksik) ay HINDI nalalapat sa mga pagbubunyag na isinagawa sa tauhan ng pananaliksik sa labas ng kurso ng protokol ng pananaliksik (halimbawa, sa guro sa oras ng mga oras na may pasok sa opisina o habang nagbibigay ng pang-akademikong payo).

Ang hindi pagbibilang sa pagrereport na ito ay hindi nakakaapekto sa ipinag-uutos na obligasyon ng pagrereport sa ilalim ng pederal, estado, o lokal na mga batas, tulad ng Clery Act at ng California Child Abuse and Neglect Reporting Act (CANRA), at ibang mga polisiya o batas na nangangailangan ng pagrereport sa campus o lokal na nagpapatupad ng batas, o Mga Sebisyong Nagpoprotekta sa Bata.

11. Sakop ba ako ng kasunduang collective bargaining? Angkop ba sa akin ang Polisiyang ito?

Oo. Gayunman, tandaan na ang mga kahihinatnann ng hindi pagsunod sa Polisiyang ito at nauugnay na resolusyon sa reklamo, karaingan at pandisiplinang hakbang para sa mga empleyado na sakop ng Memorandum ng Pagkaunawa sa eksklusibong ahente ng bargaining ay pinamumunuan ng angkop na kasunduan ng collective bargaining.

12. Ano ang kabuluhan ng mga regulasyon ng Title IX na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos sa 2020?

Ang pederal na mga regulasyon ng Title IX ay nagkabisa noong Agosto 14, 2020 ay sumasaklaw sa ilang anyo ng seksuwal na maling asal, kung ang asal ay nangyari sa isang programa o aktibidad ng Unibersidad, habang ang Nagrereklamo ay nasa Estados Unidos. Inaatasan nito ang Unibersidad na sumunod sa ispesipikong proseso ng pagdaing na kasama ang pangkasalukuyan na pagdinig na may direktang pagtatanong ng mga tagapayo ng mga partido bago disiplinahin ang Respondente para sa asal na saklaw ng mga regulasyon. Bagaman mas gusto ng Unibersidad na hindi ipatupad ang ilang mga bahagi ng proseso, ang pagsunod sa mga regulasyon ay isang kondisyon sa pagtanggap ng pederal na mga pondo tulad ng Federal Pell Grants para sa mga estudyante. Kaya ipapatupad ng Unibersidad ang Proseso ng Pagdaing sa DOE, ngunit kung kinakailangan lamang (bilang tugon sa Asal na Saklaw ng DOE). Upang imbestigahan ang asal na hindi saklaw ng mga regulasyon, patuloy na susundin ng Unibersidad ang proseso ng Pormal na Imbestigasyon na nakatalaga bago lumabas ang mga regulasyon. Ang proseso sa Pormal na Imbestigasyon ay maaaring kasama ang pangkasalukuyan na pagdinig, ngunit kung ang respondente ay estudyante lamang – at hindi kasama sa pagdinig ang direktang pagtatanong ng mga tagapayo. Bagaman nagpapatupad ng dalawang

hiwalay na mga proseso para sa katulad na asal ay mas mahirap, naniniwala ang Unibersidad na nagbibigay ito ng pinakahigit na proteksyon para sa ating komunidad. Mayroon ding Alternatibong Resolusyon sa ilang mga kaso, kahit pa ang mga ito ay saklaw ng mga regulasyon. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Asal na Saklaw ng DOE ay nasa Apendiks IV.

VIII. TALA NG PAGREBISA

Enero 1, 2022: Ang Polisiyang ito ay in-update para sumunod sa Senate Bill 493, na nag-amyente sa Seksyon 66262.5 at idinagdag ang Seksyon 66281.8 ng California Education Code. Nagdagdag din ng mga probisyong partikular na tumutukoy sa Pinagbabawal na Asal sa klinikal na kalagayan.

Agosto 14, 2020: Ang polisiyang ito ay binago sa pansamantalang batayan upang sumunod sa pederal na mga regulasyon ng Title IX epektibo Agosto 14, 2020.

Hulyo 31, 2019: Nirebisa ang bersyon na nagpapakita ng malinaw, pagrepaso ng buong sistema na inisyu

Agosto 14, 2018: Karagdagang FAQ #10 may kinalaman sa mga obligasyon ng mga Karaniwang Empleyado kapag nagsasagawa ng Institutional Review Board— inaprubahan o sertipikadong hindi kabilang sa pananaliksik ng taong pinag-aaralan.

Hunyo 5, 2018: Teknikal na pagrebisa: binagong impormasyon ng kontak.

Septiyembre 1, 2017: Mga teknikal na pagrebisa:

- binago ang Polisiya ng may pananagutang opisina at impormasyon ng kontak
- dinagdag na mga link sa Balangkas ng Tauhan at Guro sa Apendiks II: Mga Pandisiplinang Hakbang ng Unibersidad.

Ang Polisiyang ito ay binago upang matugunan ang Accessibility Content Guidelines (WCAG) 2.0.

Nobyembre 7, 2016: Binura ang pinawalang-bisang PPSMs #65, #67 at #71 mula sa dokumento ng Polisiya at binago ang mga FAQ at mga link sa Apendiks I sa ilalim ng Akademiko at Tauhan.

Enero 1, 2016: Binago ng Polisiyang ito ang mga proseso para sa pagreport at pagtugon sa mga reklamo at dinagdag ang bagong kahulugan ng “responsableng mga empleyado.”

Hunyo 17, 2015: Ang Polisiyang ito ay binago sa Pansamantalang batayan na epektibo hanggang Disyembre 31, 2015.

Pebrero 25, 2014: Ang Polisiyang ito ay nireformat sa template ng karaniwang polisiya ng Unibersidad.

Bilang resulta ng pagbibigay ng Polisiyang ito, ang sumusunod na mga dokumento ay pinawalang-bisa simula sa epektibong petsa ng Polisiyang ito at hindi na magagamit:

- Polisiya ng University of California sa Seksuwal na Panliligalig, may petsang Pebrero 10, 2006

University of California – Polisiya ng SVSH

Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig

- Mga Hakbang ng University of California para sa Pagtugon sa mga Report ng Seksuwal na Panliligalig, may petsang Disyembre 14, 2004
- Polisiya ng University of California sa Seksuwal na Karahasan at Mga Hakbang ng Resolusyon ng Reklamo, may petsang Abril 23, 1992
- Polisiya ng University of California sa Seksuwal na Karahasan at reklamo sa mga Hakbang sa Resolusyon, may petsang Marso 10, 1986

Ang mga rebisyon sa hinaharap sa Polisiyang ito ay ipapakalat sa ilalim ng mga karaniwang pamamaraan para sa mga Polisiyang Pampanguluhan. Isasama sa repaso ang pagpapalaganap sa ilalim ng karaniwang proseso ng Academic Personnel Manual (APM), na may panghuling awtoridad na magtatapos sa Pangulo.

IX. MGA APENDIKS

Apendiks I: Naaangkop na Resolusyon ng Reklamo at Mga Polisiya ng Karaingan Akademikong Tauhan:

Mga Miyembro ng Akademikong Senado	Senate Bylaw 335
Di Senadong Akademikong Mga Itinalaga	APM - 140
Eksklusibong Ipinakilalang Mga Akademikong Itinalaga	Bargaining Units & Contracts

Mga Estudyante:

[Policies Applying to Campus Activities, Organizations and Students, Section 110.00](#)

Mga Tauhan:

Resolusyon sa Reklamo (Mga Senior Manager)	PPSM II-70
Resolusyon sa Reklamo (Mga Tauhan)	PPSM 70
Eksklusibong Ipinakilalang Mga Tauhan	Bargaining Units & Contracts
Mga Empleyado ng Lawrence Berkeley National Laboratory	Applicable Laboratory policy

Lahat ng miyembro ng komunidad ng Unibersidad:

Ang [University of California Policy on Reporting and Investigating Allegations of Suspected Improper Governmental Activities \(Whistleblower Policy\)](#) nagpoprotekta sa pagrereport at imbestigasyon ng mga paglabag sa estado o pederal na mga batas o regulasyon, kabilang ang seksuwal na panliligalig.

Lahat ng mga empleyado ng Unibersidad at mga aplikante para sa trabaho:

Ang Polisiya ng Proteksyon ng Whistleblower ng Unibersidad ay nagbibigay ng proseso ng resolusyon ng reklamo para sa mga empleyado at aplikante sa pagtatrabaho na sumailalim sa paghihiganti bilang resulta ng pagiging protektado sa pagbubunyag sa ilalim ng Polisiya ng Whistleblower o tumangging sundin ang di legal na kautusan.

Apendiks II: Mga Polisiya at Mga Hakbang Pandisiplina ng Unibersidad

Ang sumusunod na mga polisiya at pamamaraang pandisiplina ng Unibersidad ay:

- A. [The Faculty Code of Conduct \(APM - 015\)](#) (katulad ng inaprubahan ng Asambleya ng Akademikong Senado at ng mga Rehente) Nagtatatag ng mga pamantayang wasto at propesyonal kung saan ang mga grupo ng Unibersidad ay inaasahang magmamasid.

Dahil ang mga uri ng di katanggap-tanggap na asal na nakalista sa Kodigo ng Asal ng Grupo ay magagamit sa seksuwal na karahasan o seksuwal na panliligalig, ang paglabag sa Polisiya ng Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Unibersidad ay maaaring lumabag sa Kodigo ng Asal ng Guro. Ang [University Policy on Faculty Conduct and the Administration of Discipline \(APM - 016\)](#), katulad ng

inaprubahan ng Asambleya ng Akademikong Senado at ng mga Rehente, binabalangkas ang mga parusa at pandisiplinang pamamaraan ng mga guro.

Ang [Sexual Violence and Sexual Harassment Senate and Non-Senate Faculty Adjudication Framework](#) ay nagtatakda ng mga pamamaraan ng Unibersidad sa paglutas ng mga reklamo ng seksuwal na karahasan at seksuwal na paglabag kung saan ang Respondente ay isang miyembro ng guro ng Unibersidad.

- B. Mga probisyon ng polisiya sa [Non-Senate Academic Appointees/Corrective Action and Dismissal \(APM - 150\)](#) (hindi eksklusibong kumakatawan sa mga akademikong itinalaga) at mga kasunduan ng collective bargaining (eksklusibong kumakatawan sa akademikong itinalaga) na nagpapahintulot sa aksyong pagwawasto, leave para sa pagsisiyasat, o pagpapatalsik dahil sa aksyon na lumabag sa polisiya ng Unibersidad.

Ang [Sexual Violence and Sexual Harassment Investigation and Adjudication Framework for Staff and Non-Faculty Academic Personnel](#) ay nagtatakda ng mga pamamaraan ng Unibersidad para sa paglutas ng mga reklamo ibang sa di Senadong akademikong itinalaga na sumasailalim ng APM-150.

- C. [Appendix E: Sexual Violence and Sexual Harassment Student Investigation and Adjudication Framework for Non-DOE-Covered Conduct](#) and [Interim Appendix F: Sexual Violence and Sexual Harassment Student Investigation and Adjudication Framework for DOE-Covered Conduct of the Policies Applying to Campus Activities, Organizations, and Students](#) ang nagtatakda ng mga pamamaraan na ito kapag ang Asal na Saklaw ng DOE ng mga Polisiyang Magagamit sa Mga Aktibidad ng Campus, Organisasyon, at Estudyante na nagtatakda sa mga pamamaraan ng Unibersidad para sa paglutas ng mga reklamo ng seksuwal na karahasan at seksuwal na panliligalig laban sa mga estudyante, kabilang ang mga disiplina ng mga estudyante na napag-alamang lumabag sa polisiya ng Unibersidad. Tingnan din ang polisiya ng Asal ng Estudyante at Disiplina.

- D. Mga Probisyon ng [Personnel Policies for Staff Members](#), at ang mga polisiya ng Lawrence Berkeley National Laboratory (naaangkop sa di eksklusibong mga empleyado na kinatawan), at mga kasunduan ng collective bargaining (naaangkop sa eksklusibong mga empleyado na kinatawan) na nagbabawal sa asal na lumalabag sa polisiya ng Unibersidad para sa seksuwal na karahasan o seksuwal na panliligalig at nagbibigay ng pandisiplinang aksyon para sa paglabag sa polisiya ng Unibersidad.

- [PPSM-62: Corrective Action](#)
- [PPSM-63: Investigatory Leave](#)
- [PPSM-64: Termination and Job Abandonment](#)
- [PPSM II-64: Termination of Appointment](#)

Ang [Sexual Violence and Sexual Harassment Investigation and Adjudication Framework for Staff and Non-Faculty Academic Personnel](#) nagtatakda ng mga pamamaraan ng Unibersidad para sa paglutas ng mga reklamo kung saan ang mga Respondente ay tauhan ng Unibersidad bukod sa guro.

Apendiks III: Sumusuporta at Panlunas na mga Hakbang

Kapag tinutukoy ang Sumusuporta at Panlunas na mga Hakbang (ayon sa tinukoy sa Seksyon II), ang Opisyal ng Title IX ay magtatalaga kung gaano mapoprotektahan ng Unibersidad ang pagkapribado ng partido habang tinitiyak din na ang mga pamamaraan ay epektibo. Ipaliliwanag ng Opisyal ng Title IX sa mga partido ang anumang mga limitasyon sa pagprotekta sa kanilang pagkapribado.

Sa pagtukoy ng mga Sumusuportang mga Hakbang, gagawa ang Opisyal ng Title IX ng mga hakbang sa mga kalagayan ng bawat kaso, binabawasan ang mga problema sa mga partido, at iniwasang pagkaitan ang mga partido ng mga oportunidad sa edukasyon at pagtatrabaho hangga't maaari.

Sa mga bagay na nagsasangkot ng Asal na Saklaw ng DOE, titiyakin ng Opisyal ng Title IX na ang Sumusuportang mga Hakbang ay hindi nagdidisiplina o hindi nagpaparusa, at ang mga ito ay makatuwirang pasanin sa partido.

Kapag inaalang ang mga limitasyon sa kontak ng mga partido, ang Opisyal ng Title IX ay susunod sa mga parametro sa talata vi (Mga Opsyon sa Walang Kontak) sa ibaba.

Bilang karagdagan sa Sumusuporta at Panlunas na mga Hakbang, ang Opisyal ng Title IX ay magsasagawa ng ibang mga aksyon upang ihinto ang nireport na asal, pinipigilan ang pagtaas o pag-ulit nito, at nilulutas ang mga epekto nito.

Kabilang sa mga serbisyo, akomodasyon, at ibang available na mga pamamaraan ang:

i. Pangkalahatang Mga Serbisyo ng Campus:

Akademiko, pagtatrabaho, at ibang suporta kabilang ang pagtuturo, pagpapayo, mga serbisyo ng kapansanan, mga serbisyo ng kalusugan at mental na kalusugan, mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya, pagtatanggol sa nakaligtas, tulong sa pabahay, legal na tulong, pagsangguni sa programa ng tulong ng empleyado, impormasyon tungkol sa karapatang magreport ng krimen sa campus o pagpapatupad ng lokal na batas, at nasusulat na mga materyal na inihanda ng Opisyal ng Title IX alinsunod sa Polisiya ng V.B.

ii. Mga Hakbang na Available sa mga Empleyado, Kabilang ang Akademiko, Tauhan at Estudyanteng Empleyado:

Pagbabago sa iba't ibang lugar ng trabaho, iskedyul, lokasyon ng trabaho, yunit, departamento, o posisyon kung saan ang empleyado ay kwalipikado hangga't sa kaso ng Nagrereklamo ang pagbabago ay boluntaryo at makatarungan.

iii. Pagsasanay at Edukasyon ng Respondente:

Maaaring hilingin ng Respondente na sumailalim sa pagsasanay, kabilang ang pagsasanay sa pagsugpo ng seksuwal na panliligalig, pagsasanay sa pangangasiwa sa galit, at taunang pagbabalik-tanaw na klase.

iv. Binagong mga Serbisyo ng Campus:

- Kung ang serbisyo ng campus ay pangkalahatang hindi magagamit o ang kabayaran ay ipinapataw, ang access ay maaaring isaayos o alisin ang singil kung naaangkop.

- Ang komprehensibo, pangkalahatang mga serbisyo ng nakaligtas kabilang ang karagdagang medikal, pagpapayo at akademikong mga serbisyo ng suporta.
- Anumang iba pang akomodasyon o pansamantalang pamamaraan na makatwirang available sa oras na ang hilingin iyon ng Nagrereklamo.

v. Karagdagang Mga Hakbang Pang-edukasyon para sa mga Estudyante:

- Pagbabago ng mga tagapayo, binubuo ng komite ng dissertation, seksyon sa klase at katulad na mga pagsasaayos ng iskedyul.
- Isaayos ang karagdagang oras para kumpletuhin ang akademikong kinakailangan ng klase o programa, o kumuha muli ng klase o bawiin mula sa klase, nang walang akademiko o pinansyal na parusa kung naantala ang mga akomodasyon ng Unibersidad pagkatapos, dapat batid nito ang paglabag.
- Repasuhin ang anumang pandisiplinang mga aksyon na isinagawa laban sa Nagrereklamo alinsunod sa sinasabing paglabag upang tukuyin kung may sanhing koneksyon sa pagitan ng paglabag at maling asal ng Nagrereklamo.

vi. Mga Opsyon ng Walang Kontak:

- Mga Opsyon ng Nagrereklamo at Respondente. Ang Opisyal ng Title IX ay:
 - Titiyakin na ang mga partido ay naabisuhan ng mga opsyon upang iwasan ang kontak;
 - Tutulong sa mga partido sa pagbabago, kung naaangkop, pamumuhay, transportasyon, pagkain at sitwasyon ng pagtatrabaho, o akademiko o ekstrakurikular na mga aktibidad;
 - Tutulungan ang mga partido sa paghiling at pag-unawa sa mga tuntunin, parametro at kahihinatnan ng paglabag sa mga walang kontak na kautusan; at
 - Isasaayos para sa mga escort na serbisyo upang tiyakin na ang mga partido ay ligtas na makakalipat sa trabaho, mga klase, at aktibidad.
- Mga Parametro para sa Walang Kontak na Kautusan sa Pagitan ng Mga Partido:
 - Ang walang kontak na kautusang pumipigil sa partido mula sa pagkontak ng kabilang partido ay maaaring angkop bilang Pangsuyong Pamamaraan (Pansamantala o Nagmimitiga) o Remedyong Pamamaraan (tingnan ang Seksyon II.C.3). Ang mga walang kontak na kautusan ay maaaring angkop din sa ilalim ng ibang mga polisiya ng Unibersidad.
 - Ang walang kontak na kautusang ibinigay bilang Pansamantalang Pamamaraan ay maaaring unilateral (pinagbabawalan ang isang partidong kontakin ang bawat isa). Subalit, ang Unibersidad ay hindi magbabawal sa Nagrereklamo mula sa pagkontak sa Respondente maliban kung ang mga partikular na sirkumstansiya ay tutukoy na kailangan ang restriksiyon o mapapatunayang protektahan ang kaligtasan ng Respondente o kabutihan ng kalagayan, o tumugon sa pakikialam sa Proseso ng Resolusyon.

- Ang walang kontak na kautusang ibinigay bilang Pangremedyong Pamamaraan ay maglilimita sa partidong nakitang lumalabag sa polisiya ng Unibersidad.
- Ang walang kontak na kautusang ibinigay bilang Pansamantala o Pangremedyong Pamamaraan ay may kasamang paliwanag ng mga termino nito, kabilang ang kung anong asal ang maaaring lumabag dito at magresulta sa pantamang pagkilos. Kung ang walang kontak na utos ay kapwa, ang abiso ay magpapaliwanag din kung bakit kapwa ito.
- Mga Paghihigpit sa Respondente:
 - Pagpapahintulot sa Nagrereklamo upang magsagawa ng mga regular na seksyon ng kurso habang nagsasaayos para sa kunin ng Respondente ang kurso online o sa pamamagitan ng independyenteng pag-aaral;
 - Paglipat ng Respondente sa iba't ibang tirahan o lugar ng trabaho;
 - Pagbabawal sa Respondente na lumahok sa espesipikong atletiko o ekstrakurikular na event o social club (kabilang ang mga fraternity o sorority);
 - Hinihiling na sundin ng Respondente ang walang kontak na kautusan mula sa Nagrereklamo sa mahabang panahon (hanggang sa pagtatapos ng Nagrereklamo o ibang pag-alis mula sa campus) sa pamamagitan ng pag-iskedyul ng trabaho o pagbabago ng klase;
 - Pagbabawal sa Respondente na dumalo sa mga klase nang matagal na panahon, paglilipat ng Respondente sa ibang campus, o paglalagay sa Respondente sa leave na pang-imbestigasyon; at
 - Hindi pagbibilang ng Respondente mula sa campus o lugar ng trabaho.

vii. Ibang mga Hakbang na Ginawa ng Opisyal ng Title XI o Ibang Tagapangasiwa.

Apendiks IV: Asal na Saklaw ng DOE

Buod: Ayon sa pederal na mga regulasyon ng Titulo IX epektibo Agosto 14, 2020 (Mga Regulasyon ng DOE), hindi maaaring disiplinahin ng Unibersidad ang Respondente para sa Asal na Saklaw ng DOE maliban kung sumusunod ito sa Proseso ng Pagdaing sa DOE. Ang Proseso ng Pagdaing sa DOE ay nauudyok lamang ng Pormal na Reklamo sa DOE na nagpaparatang ng Asal na Saklaw ng DOE. Tanging ang kwalipikadong Nagrereklamo (Seksyon A.1, ibaba) o Opisyal ng Title IX (Seksyon A.4, ibaba) ay maaaring gumawa ng Pormal ng Reklamo sa DOE. Sa halip na Proseso ng Pagdaing sa DOE, ang Opisyal ng Title IX ay sa ilang kaso potensyal na makabubukas ng Alternatibong Resolusyon bilang tugon sa naturang reklamo. Ang Proseso ng Pagdaing sa DOE at Alternatibong Resolusyon ay inilarawan sa Seksyon V.A.5 ng Polisiyang ito.

Kapag ang mga alegasyon ng Asal na Saklaw ng DOE sa isang Pormal na Reklamo sa DOE at mga alegasyon ng ibang Labag sa Batas na Asal o ng mga paglabag sa ibang mga polisiya ng Unibersidad na lumabas mula sa parehong mga katotohanan o pangyayari, samakatuwid ay tutugunan ng Unibersidad ang lahat ng mga alegasyon

nang sabay sa pamamagitan ng alinman sa mga pamamaraan ng Proseso ng Pagdaing sa DOE o Alternatibong Resolusyon.

Kapag hindi kasama sa mga alegasyon ang Asal na Saklaw ng DOE, samakatuwid ay tutukuyin ng Opisyal ng Title IX kung magbubukas ng ibang Proseso ng Resolusyon ayon sa proseso ng Unang Pagtatasa sa Seksyon V.A.3 ng Polisiya.

Upang matiyak na magbigay ang Unibersidad ng Proseso ng Pagdaing sa DOE kapag (at kapag lamang) kinakailangan, at kung hindi man sumusunod sa Mga Regulasyon ng DOE, susundan ng Opisyal ng Title IX ang proseso ng Unang Pagtatasa na ibinalangkas sa Seksyon A sa pagkatanggap ng ulat. Idodokumento ng Opisyal ng Title IX ang kanilang pagpapasya ayon sa *nakasulat na mga patnubay na inilabas ng Tanggapan ng Systemwide Title IX*.

Proseso:

A. Unang Pagtatas. Tatasahin ng Opisyal ng Title IX ang ulat upang matukoy kung magbubukas ng Proseso ng Pagdaing sa DOE, Alternatibong Resolusyon, o ibang Proseso ng Resolusyon.

1. *Pormal na Reklamo mula sa Kwalipikadong Nagrereklamo.* Unang tutukuyin ng Opisyal ng Title IX kung natanggap nila ang Pormal na Reklamo sa DOE mula sa kwalipikadong Nagrereklamo. Upang maging ganoon, ang ulat ay dapat:

- Nagpapatang ng asal na nangyari nang o pagkatapos ng Agosto 14, 2020;
- Nakasulat;
- Ginawa ng taong nagpapatang na nakaranas ng panliligalig, at hindi ng ikatlong partido;
- Ginawa ng taong kwalipikado na gawin ito sa ilalim ng Mga Regulasyon ng DOE, nangangahulugan na isang taong lumalahok o nagtatangkang lumahok sa programa o aktibidad ng Unibersidad;
- Laban sa kilalang Respondente;
- Humiling ng imbestigasyon; at
- Nagpapatang ng Maling Asal na Batay sa Seks sa DOE, ayon sa tinukoy sa Seksyon B (Asal na Saklaw ng DOE) sa ibaba.

Oo Pormal na Reklamo sa DOE: Kung ang ulat ay **isang** Pormal na Reklamo sa DOE mula sa isang kwalipikadong Nagrereklamo, ang Opisyal ng Title IX ay dapat susunod na tukuyin kung kinakailangan nilang "ipawalang-saysay" ito (Kinakailangang Pagsasawalang-saysay ng Pormal na Reklamo, sa ibaba).

Hindi Pormal na Reklamo sa DOE: Kung ang ulat ay **hindi isang** Pormal na Reklamo sa DOE mula sa kwalipikadong Nagrereklamo, ang Opisyal ng Title IX ay dapat pa ring tukuyin kung ang diumano'y asal ay Asal na Saklaw ng DOE (Asal na Saklaw ng DOE, sa ibaba); kung ito nga, ang Opisyal ng Title IX ay maaaring kailangan nilang "pumirma" ng Pormal na Reklamo sa DOE (Pasyang

Magbukas o Magsara, sa ibaba). Tandaan: Bago sila pumirma, ipapaalam ng Opisyal ng Title IX sa kwalipikadong Nagrereklamo kung paano gawin ang Pormal na Reklamo sa DOE, at ibigay sa kanila ang pagkakataon.

2. *Kinakailangang Pagsasawalang-saysay ng Pormal na Reklamo.* Kung ang ulat ay isang Pormal na Reklamo sa DOE mula sa kwalipikadong Nagrereklamo, ang Opisyal ng Title IX ay sunod na tutukuyin kung dapat nilang “isawalang-saysay” ang reklamo o alinman sa mga alegasyon nito. Dapat nilang “isawalang-saysay” ang reklamo kung ang asal, kahit pa totoo, ay hindi Asal na Saklaw ng DOE, ayon sa tinukoy sa Seksyon B (Asal na Saklaw ng DOE, sa ibaba).

Ang “pagsasawalang-saysay” ay kinakailangan ng mga regulasyon ng DOE, at nangangahulugan na ang Opisyal ng Title IX ay hindi na isalang-alang ang mga alegasyon sa Asal na Saklaw ng DOE. Hindi ito nangangahulugan na isasara ng Opisyal ng Title IX ang isyu. Sa halip, ang Opisyal ng Title IX ay magpapasya kung at paano ipatutulong ang resolusyon ng mga alegasyon, ayon sa ipinaliwanag sa Seksyon C, sa ibaba.

Walang pagsasawalang-saysay: Kung ang pagsasawalang-saysay ay hindi kinakailangan, ang Opisyal ng Title IX ay sisimulan ang alinman sa Proseso ng Pagdaing sa DOE o Alternatibong Resolusyon.

Oo pagsasawalang-saysay: Kung kinakailangan ang pagsasawalang-saysay, ang Opisyal ng Title IX ay “isawalang-saysay” ang reklamo ayon sa Seksyon C (Kinakailangang Pagsasawalang-saysay ng Pormal na Reklamo, sa ibaba).

3. *Asal na Saklaw ng DOE.* Kung ang ulat ay hindi isang Pormal na Reklamo sa DOE mula sa kwalipikadong Nagrereklamo, gayunman, tutukuyin ng Opisyal ng Title IX kung ang ulat ay Asal na Saklaw ng DOE, ayon sa tinukoy sa Seksyon B (Asal na Saklaw ng DOE, sa ibaba).

Hindi Asal na Saklaw ng DOE: Kung ang asal ay hindi Asal na Saklaw ng DOE, ito ang pagtatapos ng proseso ng DOE. Itutulong ng Opisyal ng Title IX ang pagtatasa sa ilalim ng Seksyon V.A.3 ng Polisiya at magpapasya kung magbukas ng ibang Proseso ng Resolusyon.

Oo Asal na Saklaw ng DOE: Kung ang asal ay Asal na Saklaw ng DOE, magpapasya ang Opisyal ng Title IX kung isasarado ang isyu o, sa halip, magbukas ng Proseso ng Pagdaing sa DOE, Alternatibong Proseso, o Ibang Pagtatanong (Pasya ng Magsara o Magbukas, sa ibaba).

4. *Pasyang Magsara o Magbukas.* Kung hindi natanggap ng Opisyal ng Title IX ang Pormal na Reklamo sa DOE mula sa kwalipikadong Nagrereklamo, ngunit ang diumano’y asal ay Asal na Saklaw ng DOE, samakatuwid ay dapat nilang:

- Isara ang isyu,
- “Pumirma” ng isang Pormal na Reklamo sa DOE sa kanilang sarili at magbukas ng alinman sa Proseso ng Pagdaing sa DOE o Alternatibong Resolusyon,

- Magbukas ng Ibang Pagtatanong (kung naaangkop).

Pasya para Isara. Ang Opisyal ng Title IX ay maaaring magpasya na isara ang isyi kapag, halimbawa, hindi nais ng Nagrereklamo ng imbestigasyon ang naturing ng Opisyal ng Title IX na hindi ito kinakailangan.

Pasyang Pumirma. Ang Opisyal ng Title IX ay maaaring magpasya na pumirma ng Pormal na Reklamo sa DOE sa kanilang sarili kapag, halimbawa:

- Hindi nais ng Nagrereklamo ng imbestigasyon, ngunit natukoy ng Opisyal ng Title IX na kailangan (tingnan ang Seksyon V.A.5.b)
- Hindi nais ng Nagrereklamo ng imbestigasyon, ngunit hindi kwalipikadong gumawa ng Pormal na Reklamo sa DOE sa kanilang sarili dahil hindi sila lumalahok o nagtatangkang lumahok sa programa o aktibidad ng Unibersidad (halimbawa, sila ay dating empleyado o estudyante, o ikatlong partido)
- Ang pagkakakilanlan ng Nagrereklamo ay hindi alam (halimbawa, kapag ang Nagrereklamo ay nag-uulat nang anonimo o ang ikatlong partidong ulat ay hindi kinilala ang Nagrereklamo)

Pasyang Magbukas ng Ibang Pagtatanong. Ang Opisyal ng Title IX ay maaaring magpasya na magbukas ng Ibang Pagtatanong kapag hindi maaaring disiplinahin ng Unibersidad ang Respondente – halimbawa, kapag ang Respondente ay hindi empleyado o estudyante.

Mga Karapatan ng Nagrereklamo. Kung pipirma ang Opisyal ng Title IX ng Pormal na Reklamo sa DOE, aabisuhan nila ang taong diumano’y nakaranas ng asal, kung alam, na magiging at magkakaroon ng lahat ng mga karapatan ng isang Nagrereklamo sa Proseso ng Resolusyon.

B. Asal na Saklaw ng DOE Ang asal ay Asal na Saklaw ng DOE kung lahat ng nasa ibaba ay totoo:

1. *Petsa.* Ang diumano’s asal ay nangyari sa o pagkatapos ng Agosto 14, 2020.
2. *Teritoryo.* Ang Nagrereklamo ay nasa Estados Unidos nang ang asal ay diumano’y nangyari.
3. *Programa o Aktibidad.* Ang asal ay nangyari sa isang programa o aktibidad ng Unibersidad, nangangahulugan na ang lokasyon ay alinman:
 - sa campus, o
 - sa labas ng campus, at ang asal ay nangyari:
 - sa konteksto ng pagpapalakad ng Unibersidad;
 - sa isang lokasyon, kaganapan o pangyayari kung saan ang Unibersidad ay may makabuluhang kontrol sa Respondente at sa konteksto kung saan nangyari ang asal; o
 - sa isang gusaling pag-aari o kontrolado ng organisasyon ng estudyante na opisyal na kinikilala ng Unibersidad.

4. *Maling Asal Batay sa Seks sa DOE.* Ang diumano'ys asal ay Maling Asal Batay sa Seks sa DOE, nangangahulugan na ito ay alinman sa sumusunod:
 - a. asal ng isang empleyado na tumutugon sa kahulugan ng *Quid Pro Quo* na Sekсуwal na Panliligalig sa Seksyon II ng Polisiya;
 - b. hindi karapat-dapat na seksuwal o ibang batay sa seksuwal na asal (ayon sa tinukoy sa Seksyon II ng Polisiya) na matutukoy ng makatuwirang tao bilang sobrang malubha, malaganap, at talagang nakasakit na epektibong tinanggihan nito ang Nagrereklamo ng pantay na akses sa mga programa o aktibidad ng Unibersidad;
 - c. asal na tumutugon sa kahulugan ng Sekсуwal na Panggahasa-Penetrasyon;
 - d. sadyang panghihipo ng pribadong bahagi ng katawan (mga ari, anus, singit, suso, o puwet) ng Nagrereklamo nang walang pahintulot ng Nagrereklamo (ayon sa tinukoy sa Seksyon II ng Polisiya);
 - e. asal na tumutugon sa depinisyon ng Karahasan sa Relasyon sa Seksyon II ng Polisiya;
 - f. asal na tumutugon sa depinisyon ng Panunubok sa Seksyon II ng Polisiya;
 - g. pakikipagtalik sa taong mas bata sa edad na 18; o
 - h. asal na tumutugon sa kahulugan ng Pagsalakay ng Sekсуwal na Pagkapribado sa Seksyon II ng Polisiya, at matukoy ng makatuwirang tao bilang sobrang malubha, malaganap, at talagang nakasakit na epektibong tinanggihan nito ang Nagrereklamo ng pantay na akses sa mga programa o aktibidad ng Unibersidad;

C. Kinakailangang Pagsasawalang-saysay ng mga Alegasyon. Ang Opisyal ng Title IX ay dapat "ipawalang-saysay" ang mga alegasyon sa isang Pormal na Reklamo sa DOE kung:

- natukoy nila sa panahon ng Unang Pagtatasa na ang diumano'y asal, kahit pa totoo, ay hindi Asal na Saklaw ng DOE, ayon sa tinukoy sa Seksyon B (Asal na Saklaw ng DOE, sa ibaba), o
 - natukoy nila sa panahon ng imbestigasyon na ang diumano'y asal, kahit pa totoo, ay hindi nangyari sa programa o aktibidad ng Unibersidad o ang Nagrereklamo ay wala sa Estados Unidos sa panahon ng diumano'y asal.
1. *Kabuluhan ng Pagsasawalang-saysay.* Ayon sa binanggit sa itaas, ang "pagsasawalang-saysay" ay nangangahulugan na ang Opisyal ng Title IX ay hindi na isasaalang-alang ang mga alegasyon bilang Asal na Saklaw ng DOE. Hindi ito nangangahulugan na ang Opisyal ng Title IX ay isasarado ang bagay. Sa halip, magpapasya ang Opisyal ng Title IX kung at paano ipatuloy ang resoluyson ng pinawalang-saysay na mga alegasyon.

Kung bilang resulta ng pagsawalang-saysay ay walang mga alegasyon na Asal na Saklaw ng DOE, samakatuwid anumang karagdagang imbestigasyon ay

magiging Pormal na Imbestigasyon (tingnan ang Seksyon V.A.5 ng Polisiyang ito).

Kung pagkatapos ng pagsawalang-saysay ay mayroon pa ring mga ibang alegasyon na Asal na Saklaw ng DOE, samakatuwid ay patuloy na susundan ng Opisyal ng Title IX ang mga pamamaraan sa Proseso ng Pagdaing sa DOE para sa lahat ng mga alegasyon, ayon sa Seksyon D.2 (Pagsasama-sama ng mga Alegasyon sa Asal ng Saklaw ng DOE kasama ng Ibang mga Alegasyon sa Labag sa Batas na Asal); iyon ay, aabisuhan ng Opisyal ng Title IX ang mga partido na ang pinawalang-saysay na mga alegasyon sa ilalim ay hindi saklaw ng Mga Regulasyon ng DOE, ngunit ipoproceso pa rin ang lahat ng mga alegasyon sa ilalim ng Proseso ng Pagdaing sa DOE para sa kalinawan at kabuuan.

Kung ang bagay ay nasa Alternatibong Resolusyon, maaaring ipatuloy ng Opisyal ng Title IX ang prosesong iyon, ngunit aabisuhan ang mga partido aling mga alegasyon ang napawalang-saysay at alin (kung mayroon) ang patuloy na isaalang-alang na Asal na Saklaw ng DOE.

2. *Abiso ng Pagsasawalang-saysay.* Kung ang Opisyal ng Titulo IX ay inaatasang “ipawalang-saysay” ang mga alegasyon mula sa isang Pormal na Reklamo sa DOE, aabisuhan nila ang mga partido nang pasulat:
 - a. ng mga alegasyong napawalang-saysay at ang mga dahilan;
 - b. kung magpapatuloy sila sa resolusyon ng pinawalang-saysay na mga alegasyon at, kung gayon, sa ilalim ng anong Proseso ng Resolusyon;
 - c. na ang mga partido ay maaaring umapela sa pagsasawalang-saysay sa batayang nakalista sa ibaba;
 - d. na ang mga partido ay aabisuhan nang pasulat kung aapela ang ibang partido;
 - e. na ang mga partido ay magkakaroon ng pantay na mga karapatan sa panahon ng anumang proseso ng apela, kabilang ang pagkakataon na magsumite ng nakasulat ng pahayag bilang suporta ng, o paghahamon sa, pagsasawalang-saysay;
 - f. na ang nakasulat na pasya sa apela at ang dahilan ay ibibigay nang sabay sa parehong mga partido;
 - g. impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa opisyal ng apela; at
 - h. na ipinagbabawal ng Polisiyang ito ang Paghihiganti.
3. *Mga Batayan para sa Apela ng Pagsasawalang-saysay.* Ang apela ay dapat kilalanin ang dahilan kung bakit hinahamon ng partido ang pagsasawalang-saysay sa isa o higit pang batayan na mayroon:
 - a. mayroon pagkakamali sa pamamaraan na nakaapekto sa pasya na magsawalang-saysay; ang pagkakamali sa pamamaraan ay tumutukoy sa diumano’y mga paglihis mula sa polisiya ng Unibersidad, at hindi ang mga paghamon sa mga polisiya o pamamaraan sa kanilang sarili;

- b. mayroong bagong ebidensya na hindi makatuwirang nahanda sa panahon ng pagpasya na ipawalang-saysay na maaaring makaapekto sa pasya; o
 - c. mayroong salungatan ng interes o pagkiling ang Opisyal ng Title IX o imbestigador na makaapekto sa pasya.
4. *Pagsisimula ng Apela sa Pagsasawalang-saysay.* Ang apela ay dapat isumite sa opisyal ng apela sa loob ng 5 araw ng negosyo pagkatapos ng abiso ng pagsasawalang-saysay. Dapat kilalanin ng apela ang mga batayan para sa apela at maglaman ng ispesipikong mga pagpapaliwanag na sumusuporta sa bawat batayan. Aabisuhan ng opisyal ng apela ang ibang partido ng apela at ang ibang partido ay maaaring magsumite ng nakasulat na pahayag bilang tugon sa apela, sa loob ng tatlong araw ng negosyo.
5. *Mga Pamantayan sa Delibirasyon.* Ang opisyal ng apela ay magpapasya kung ang umaapelang partido ay nagpatunay ng iginiit na mga batayan ng apela. Isasaalang-alang nila ang abiso ng pagsasawalang-saysay, ang mga pahayag ng apela ng mga partido, at anumang karagdagang impormasyon mula sa Opisyal ng Title IX.
6. *Pasya ng Opisyal ng Apela.* Ang Opisyal ng Apela ay maaaring:
- a. panindigan ang pagsasawalang-saysay;
 - b. buod ng impormasyong isinaalang-alang ng opisyal ng apela; at
 - c. pasya ng opisyal ng apela at ang dahilan para sa pasya.
7. *Abiso ng Pasya.* Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng pagkatanggap ng apela, ang opisyal ng apela ay magbibigay ng kanilang nakasulat na pasya sa mga partido at sa Opisyal ng Title IX, na may:
- a. pahayag ng mga batayan na tinukoy sa apela;
 - b. buod ng impormasyong isinaalang-alang ng opisyal ng apela; at
 - c. pasya ng opisyal ng apela at ang pangangatuwiran ng pasya.

D. Pagsasama-sama ng Kaso.

Ang sumusunod na mga probisyon ay naaangkop kapag nagbukas ang Unibersidad ng Proseso ng Pagdaing sa DOE.

1. *Pagsasama-sama ng mga Pormal na Reklamo sa DOE.* Ang Opisyal ng Title IX ay maaaring pagsama-samahin ang mga alegasyon ng Asal na Saklaw ng DOE laban sa maraming respondente, ng maraming nagrereklamo, o ng isang partido laban sa ibang partido, kapag ang mga alegasyon ay lumabas mula sa parehong mga katotohanan o pangyayari.
2. *Pagsasama-sama ng mga Alegasyon ng Asal na Saklaw ng DOE sa ibang mga Alegasyon ng Labag sa Batas na Asal.* Kapag ang mga alegasyon ng Asal na Saklaw ng DOE at mga alegasyon ng ibang Labag sa Batas na Asal o mga paglabag ng ibang mga polisiya ng Unibersidad ay lumabas mula sa parehong mga katotohanan o pangyayari, ang Opisyal ng Title IX ay ipoproceso ang lahat ng mga alegasyon sa ilalim ng mga pamamaraan ng Proseso ng

Pagdaing sa DOE para sa kalinawan at kabuuan. Ang Opisyal ng Title IX ay malinaw na idodokumento at ipapaalam sa mga partido ng kung aling mga alegasyon ay kasama at hindi kasama sa Asal na Saklaw ng DOE.

Apendiks V: Pinagbabawal na Asal sa Konteksto ng Pag-aalaga sa Pasyente.

Maraming mga pagkakataon kung saan ang isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ay maaaring hawakan o tumagos sa katawan ng isang pasyente bilang isang lehitimong bahagi ng pangangalaga sa kalusugan ng pasyente. Sa kabilang banda, hindi kailanman isang lehitimong bahagi ng pangangalagang pangkalusugan ng isang pasyente ang pag-uugali na ginagawa ng isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na may layuning sekswal. Kaya kapag ang Ipinagbabawal na Pag-uugali ay di-umano'y nangyari sa konteksto ng pangangalaga ng pasyente, ang Opisyal ng Title IX ay tutukoy sa Apendiks V na ito at, kapag ipinahiwatig, ilalapat ang mga kahulugan nito.

A. Aplikasyon. Ipatutupad ng Opisyal ng Title IX ang mga kahulugan sa Seksiyon B ng Apendiks V sa mga alegasyon ng Pinagbabawal na Asal kung:

- a. ang sinasabing pag-uugali ay naganap sa panahon o may kaugnayan sa isang klinikal na engkwentro kung saan ang Nagrereklamo ay isang pasyente at ang Respondente ay isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan; at
- b. ang alegasyon ay ang Respondente, para sa seksuwal na layunin:
 - o ay nakapasok sa puki o puwit ng Nagrereklamo gamit ang alinman sa (a) anumang bahagi ng kamay ng Respondente o (b) isang medikal na aparato (Seksuwal na Asulto – Penetrasyon);
 - o hinipo ang maselang bahagi ng katawan (Seksuwal na Asulto – Kontak);
 - o pinahipo sa Nagrereklamo ang sarili nila sa maselang bahagi ng katawan (Seksuwal na Asulto – Kontak);
 - o naugnay sa Seksuwal na Panliligalit (Quid Pro Quo o Marahas na Kapaligiran);
 - o pinanood o pinahintulutan ang ibang taon panoorin ang pagkahubad o mga seksuwal na pagkilos ng Nagrereklamo (Pagsalakay sa Seksual na Pagkapribado); o
 - o ginawa o sinubukang gumawa ng mga larawan (kabilang ang mga video) o mga audio recording, o nai-post, ipinadala o ipinamahagi ang naturang naka-record na materyal, na naglalarawan ng kahubaran o mga sekswal na gawain ng Nagrereklamo (Pagsalakay sa Sexual Privacy).

Para sa lahat ng iba pang mga paratang (gaya ng pagpasok ng Respondente na iyon sa bibig ng Nagrereklamo gamit ang ari ng Respondente, gumamit ng mga paglalarawan ng sekswal na aktibidad ng Nagrereklamo upang mangikil sa Nagrereklamo, o ilantad ang kanilang mga ari), ilalapat ng Opisyal ng Title IX ang mga kahulugan sa Seksiyon II (hindi itong Apendiks V).

B. Mga Kahulugan.

1. **Pinagbabawal na Asal. Seksuwal na Asulto – Penetrasyon.** Ang penetrasyon, gaano mang kakaunti, ng puki o puwit ng Nagrereklamo ng anumang bahagi ng kamay o medikal na aparato ng Respondente, kung naugnay ang Respondente sa asal sa seksuwal na layunin.
 - b. **Seksuwal na Asulto – Kontak.** Sadya, at para sa seksuwal na layunin --
 - paghipo sa maselang bahagi ng katawan ng Nagrereklamo (mga ari, puwit, singit, suso, o mga pisngi ng puwit), o
 - pinapahipo sa Nagrereklamo ang sarili nila sa maselang bahagi ng katawan, ang maselang bahagi man ng kaatwan ay may damit o walang damit.
 - c. **Mga Pagsalakay sa Seksuwal na Pagkapribado.** Para sa seksuwal na layunin:
 - panonood o pagpapahintulot sa ibang tao para panoorin ang pagkahubad o mga seksuwal na pagkilos ng Nagrereklamo; o
 - pagsasagawa o pagtangka para gumawa ng mga litrato (kasama ang mga video) o mga audio recording, o pag-post, pagpapadala, o pamamahagi ng nasabing naka-record na materyales, nagpapakita ng pagkahubad o seksuwal na gawain ng Nagrereklamo.
 - d. **Seksuwal na Panliligalig.** Pag-uugali na nakakatugon sa kahulugan ng Pro Quo Seksuwal na Panliligalig o Marahas na Kapitalgirang Seksuwal na Panliligalig gaya ng tinukoy sa Seksyon II ng Polisiya ng SVSH, kung ang Respondente ay nakikibahagi sa pag-uugali para sa isang sekswal na layunin.

Tala sa Seksuwal na Layunin: Sa pagtukoy kung ang Respondente ay nakikibahagi sa pag-uugali para sa isang sekswal na layunin, ang Opisyal ng Title IX ay isasaalang-alang ang lahat ng may-katuturang katotohanan at mga pangyayari, tulad ng kung ang pag-uugali ay Klinikal na Tinukoy. Kung ang pag-uugali ay Klinikal na Tinukoy ay karaniwang nauugnay sa ngunit hindi nagpapasiya kung ang Respondente ay nakikibahagi sa Ipinagbabawal na Pag-uugali. Ang isang Respondente ay may “sekswal na layunin” kung, halimbawa, sila ay nagsasagawa ng pagkilos na may anumang sekswal na pagganyak, para sa sekswal na kasiyahan, o bilang isang pagpapahayag ng [agdominante.

 2. **Klinikal na Enkuwentro:** Ang inpatient na pagbisita, pagbisita sa medikal na opisina, o pantulong na serbisyong pagbisita kung saan ang pasyente ay may direktang interaksyon sa tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan o trabahador, kung saan ang tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan ay may responsibilidad sa pag-diyagnose, pagsusuri, o paggamot sa kundsiyon ng pasyente, o ang trabahador sa pag-aalaga sa kalusugan ay may tungkuling maghatid ng bagay sa pag-aalaga ng kalusugan o serbisyo (halimbawa, isang test o procedure) na nireseta ng tagapaglaan ng pag-aalaga ng kalusugan.

3. Klinikal na Natukoy: Ang mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan ay klinikal na natukoy sa alinman sa mga sumusunod na sirkumstansiya.

a. Klinikal na Pag-aalaga:

- isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, na nagsasagawa ng maingat na klinikal na paghuhusga, ay magbibigay ng mga ito sa isang pasyente para sa layunin ng pagpigil, pagsusuri, pag-diyagnose, o paggamot sa isang sakit, pinsala, sakit, kondisyon, o mga sintomas nito;
- ayon sa isinagawa, nakatutugon sila sa angkop na Pamantayan ng Pag-aalaga (ayon sa kahulugan sa ibaba);
- ayon sa isinagawa, sila ay angkop, pagdating sa klase, dalas, abot, lugar, at tagal; at
- ayon sa isinagawa, tinuturing silang mabisa sa sakit, pinsala, sakit, kundisyon, o mga sintomas na pasyente.

b. Pananaliksik o Klinikal na Pagsubok: Inaatas sila para sa pagsasagawa ng klinikal na pagsubok na inaprubahan ng klinikal na pagsubok na inaprubahan ng IRB na may hurisdiksiyon, at nilaan alinsunod sa inaprubahan ng IRB na protokol at may inaprubahan ng IRB na proseso ng pahintulot.

Tala sa May Kabatirang Pahintulot: “May kabatirang pahintulot” ng pasyente o legal na awtorisadong kinatawan ng pasyente sa eksaminasyon o pamamaraan ng alam o dapat alam ng tagapaglaan ng pangangalaga ng kalusugan ay hindi Klinikal na Natukoy, o sa paggawa o distribusyon ng media na kaugnay ang eksaminasyon o pamamaraan sa mga layuning hindi kaugnay sa Klinikal na Natukoy na pag-aalaga sa pasyente, o lehitimong mga aktibidad sa pananaliksik o edukasyon, ay hindi isang depensa sa alegasyon ng Pinagbabawal na Asal sa ilalim ng SVSH Policy.

4. Pamantayan ng Pag-aalaga: Ang makatwirang antas ng kasanayan, kaalaman at pangangalaga, batay sa kapani-paniwalang siyentipikong ebidensya na inilathala sa kasalukuyang peer-reviewed na medikal na literatura, at karaniwang taglay at ginagamit ng mga miyembro ng propesyon at espesyalidad ng isang tao sa ilalim ng katulad na mga pangyayari. Ang Pamantayan ng Pangangalaga ay sumasaklaw kung at sa ilalim ng anong mga pangyayari ang isang pamamaraan ay isinasagawa; ang paraan ng pagganap nito; at kung sa anong paraan dapat makuha ang may kabatirang pahintulot bago ang pagganap (halimbawa, kung ang pahintulot ay dapat makuha nang nakasulat, kung kinakailangan ang dokumentasyon ng pahintulot sa medikal na rekord, o kung ito ay maaaring ipahiwatig sa ilalim ng mga pangyayari, at ang kinakailangang nilalaman ng talakayan ng pahintulot, form, o pareho).

**POLISIYA SA SEKSUWAL NA KARAHASAN AT SEKSUWAL NA PANLILIGALIG NG UC
PAUNANG PAGTATASA SA ILALIM NG APENDIKS IV: ASAL NA SAKOP NG DOE**

Tumanggap ba ang Opisyal ng Title IX ng “Pormal na Reklamo sa DOE” mula sa kwalipikadong Nagrereklamo? Upang maging ganoon, ang ulat ay dapat::

- nagpapatang ng asal na nangyari nang o pagkatapos ng Agosto 14, 2020
- ginawa ng taong nagpapatang na nakaranas ng panliligalig
- ginawa ng taong lumalahok o nagtatangkang lumahok sa programa o aktibidad ng Unibersidad;
- laban sa kilalang Respondente;
- humiling ng imbestigasyon AT
- Nagpapatang ng Maling Asal na Batay sa Seks sa DOE (ayon sa Appendix IV)

HINDI

Ang nagpapatang na asal ba gayunman ay Asal na Saklaw ng DOE?

- naganap nang o pagkatapos ng Agosto 14, 2020
- tumutugon sa depinasyon ng Maling Asal Batay sa Seks
- naganap sa isang programa o aktibidad AT
- naganap habang ang Nagrereklamo ay nasa U.S.

HINDI

Pagtatapos ng proseso ng DOE. Ang Opisyal ng Title IX ay magpapatuloy ng paunang pagtatasa sa ilalim ng Polisiya ng SVSH.

OO

OO

Dapat bang “tapusin” ng Opisyal ng Title IX ang Pormal na Reklamo sa DOE?
Ang pagtatapos ay kinakailangan kung ang nagpapatang na asal ay hindi ASAL na Sakop ng DOE:

- hindi natugunan ang depinasyon ng Maling Asal Batay sa Seks ng DOE pagkatapos ng lahat, o
- hindi naganap sa isang programa o aktibidad, o
- hindi naganap habang ang Nagrereklamo ay nasa U.S.

Desisyon para Isara
Ang Opisyal ng Title IX ay maaaring magpasya na isara ang isyu kapag, halimbawa, hindi nais ng Nagrereklamo ng imbestigasyon at ang Opisyal ng Title IX ay tinukoy na hindi ito kailangan.

Pasyang Pumirma
Ang Opisyal ng TIX ay maaaring magpasya na “pumirma” ng Pormal na Reklamo sa DOE sa kanilang sarili kapag:

- hindi nais ng Nagrereklamo ng imbestigasyon subalit tinukoy ng Opisyal ng TIX na ito ay kinakailangan
- nais ng Nagrereklamo ng imbestigasyon, subalit hindi makagawa ng Pormal na Reklamo sa DOE dahil hindi lumalahok sa isang programa o aktibidad (o hindi nagtatangka)
- hindi alam ang pagkakakilanlan ng Nagrereklamo

Kinakailangan ng Pagtatapos

Hindi Kinakailangan ng Pagtatapos

Ang Opisyal ng Title IX ay magpapasya kung at paano itutuloy ang resolusyon ng tinapos na mga paratang

Ang Opisyal ng Title IX ay magbubukas ng Proseso ng Pagdaing o Alternatibong Resolusyon

Pasyang Magbukas ng Ibang Pagtatanong
Ang Opisyal ng Title IX ay maaaring magpasya na magbukas ng Ibang Pagtatanong kapag hindi maaaring disiplinahin ng Unibersidad ang Respondente – halimbawa, kapag ang Respondente ay hindi empleyado o estudyante.